# *ISANG PARADOX*

Makakaupo na po kayo. Matagal din akong naghintay para makabalik muli dito sa Phoenix. Ako'y tunay na nagagalak na nakaparito ako sa hapon na ito. Sa tuwing pumaparito ako sa Phoenix, may kung anong espesyal na bagay rito, na laging nagpaparamdam sa akin na nakaupo ako sa piling ng mga tao na mga kaibigan ko, na nagmamahal sa akin. At—at napaka inam na maraming taga-rito ang magigiting sa pananalangin na ipinapanalangin ako, sa loob ng maraming taon. Lagi kong naaalala 'yung pinaka unang pagtitipon ko rito kasama sina Kapatid na Outlaw, Kapatid na Garcia, at ang mga ministro rito sa siyudad. Ganun na lamang ang pagpapala ng Panginoon noong mga panahong 'yun na bagong-bago pa lang ako sa mga pagtitipon ko! Mula noon, may malaking ano po sa akin ang Phoenix. . .May kung anong bagay po sa puso ko, na mahirap ipaliwanag.

2 Kahit nung maliit na bata pa lang ako, gustung-gusto ko na talaga noong makapunta ng Phoenix. Lagi ko noong nababasa ang tungkol sa disyerto. May mumunti nga akong mga tula na ginawa-gawa ko noon, nung maliit na bata pa ako, patungkol sa Arizona.

3 Ako'y nagagalak na isa na—isa na akong tubong taga-rito ngayon. Sa palagay ko halos mag-iisang taon na rin ako rito, at siguro lampas pa nang kaunti. Haya't di kayo makakasalamuha na lang nang basta-basta rito ng mas matagal ang itinira nila sa akin. Lahat ng nakakasalubong ko, sinasabi nila, "Tubong taga-rito ka ba?"

"Buweno, kung susumahin. Matagal-tagal na rin ako rito."

4 At—at sa palagay ko kailangan ko pang magpunta roon sa reserbasyon ng mga Apache, o kung saan, para makasalamuha ng totoong katutubong taga-rito.

5 At may nagsabi noon, di pa katagalan, sabi, "Kapatid na Branham, anong masasabi mo sa Arizona?"

6 Sabi ko, "Buweno, matagal na't halos buong buhay ko nang kinapapanabikan, ang—ang makatira rito sa may Arizona, at ito nama'y ipinagkaloob sa akin ng Diyos."

7 Kami po'y naparito bilang paghahanda sa malaking gawain ng Business Men, na naging taunan nang bagay para sa amin. At sa hapon na ito, tayo'y nagkakatipon dito para sa paunang pagsasama-sama bago ang malaking gawain na magsisimula ng Huwebes ng gabi, sa pagkakaalam ko. Isa pong pribilehiyo sa akin, sa nakalipas—nakalipas na ilang taon, na makaparito at magdaos ng maliliit na mga pagtitipon sa paligid, bago simulan

'yung pinaka pagtitipon sa . . . o ang malaking gawain po, pala, ay magsimula.

8 At si Kapatid na Williams ay isa ngang kalugud-lugod na kaibigan, siya at si Kapatid na babaing Williams. Tunay ngang may mainit na puwang sila sa aking puso. Palagi nila akong inaanyayahang bumalik, at kaya naman ikinalulugod naming paunlakan ang paanyayang 'yan sa hapon na ito.

9 Heto rin sa entablado, sina Kapatid na Fuller, Kapatid na Jewel Rose, at Kapatid na Tony Stromei mula sa Tucson, at Kapatid na Borders na tagapangasiwa ng pangmalawakan naming gawain. At maging ang—maging ang kalugud-lugod na matanda't minamahal naming kapatid, na Arganbright, kami'y nagkasama nang mahabang panahon sa maraming matitinding pakikipagbaka. Sa kabilang ibayo ng ilog; umaasa po akong makapanahan kasama siya sa kabilang ibayo ng malaking ilog balang araw.

10 Di ko maisip ang pangalan ng kapatid na lalaki, pinipilit kong alalahanin. Ano nga po uli ang pangalan mo, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Al Booher."—Pat.] Booher, Kapatid na Booher. Kilala ko—kilala ko siya sa mukha. At di po ba ikaw rin 'yung nag-iinterpret para sa mga . . . ["Nag-iinterpret para sa mga bingi."] para sa mga bingi. Yan nga'y . . .

At kami nga'y nagagalak na makasama namin kayo rito.

11 Tinitingan-tingnan ko mismo rito sa harap ko, at nakikita ko ang ilan sa mga kaibigan kong galing pa ng Arkansas, dito. Nung magpunta ako rito nung unang beses, nabanggit ko na sa inyo na saanman ako magpunta, may nakakasalamuha akong mga taga-Arkansas. Sigurado ako, sa pagpunta ko sa Langit, may mga makakatagpo ako roon na ilang mga taga-Arkansas, dahil sila'y tunay na mga matimtiman, tapat na mga tao.

12 At ngayon, kadalasan pong mahaba akong magsalita, pero sinisikap ko sa abot ng aking makakaya na ayusin ang mga Kasulatan ko't mga tala para di ako magsalita nang matagal. At gusto kong manalangin para sa mga maysakit habang narito ako sa Phoenix.

13 Ngayon, ang Mensahe na aking . . . itinalaga ng Panginoon sa akin, minsan ito'y, alam n'yo, ang mga bagay na ito'y may pagka maselan po. At ito'y ganito na noon pa man sa bawat kapanahunan. At sinisikap ko sa abot ng aking makakaya na manatili Rito. May bagay na kung ano Rito. At kung hindi ko sasalitain ang bagay na 'yun na sinabi sa akin ng Diyos, at kung ito'y—ito nga'y di sa Diyos, kung gayon Kanyang . . . wala ito sa Salita. Pero kung ito'y nasa Salita, at isang pangako para sa oras na ito, kung gayon sa tingin ko nama'y ang ginagawa ko'y tama, dahil sinisikap ko lamang na tuparin ang Kanyang ipinangako para sa oras na ito.

14 At madalas kapag may nasasalungat kang isang tao sa teolohiya nila, sasama agad ang loob nila sa iyo, nang ganung kadali. Pero hindi dapat ganun. Ako nga'y sinisikap ko . . . May mga kaibigan ako mula sa lahat ng iba't ibang mga iglesyang denominasyon, at iba pa, pero di ako kailanman nagkaroon ng sama ng loob sa kanila na mga kapatiran. Haya't, pumupunta ako sa mga iglesya nila, sa lahat ng dako na imbitahan nila ako, at para magsalita. Pero di dapat tayo nagkakasamaan ng loob, sa maliliit na mga ideya.

15 Pero, alam n'yo, kung magsasabi ako ng anumang bagay na iba sa kung anong nasa puso ko, mapagkunwari ang labas ko n'yan. At ako—ako . . . Huwag naman sanang mangyari! Siguro kakatagpuin ko Siya balang araw, na isang makasalanan, pero sigurado akong hindi ko gugustuhing katagpuin Siya na isang mapagkunwari ako. Dahil gusto kong maging totoo. At kung basta ko na lang sasabihin, "Buweno, lalaktawan ko na lang Ito dahil ang iba'y ang paniwala'y *ganito*, *ganoon*," kung ganoon anong klaseng tao ako n'yan? Hindi n'yo maaaring ilagak ang tiwala n'yo sa akin, at di rin magiging buo ang tiwala ko sa Diyos o sa sarili ko, kung basta-basta na lang ako nakikipag kompromiso.

16 Ang bawat tao'y dapat siyang magtaglay ng isang bagay na nakakatiyak siya. At 'yan ang sandali na maibabatay n'yo ang pananampalataya n'yo, kapag tiyak na kayo. Pero hanggang sa makatiyak muna kayo, kung may pag-aalinlangan pa, hayaan n'yo lang ito hanggang sa maging tiyak na kayo.

17 Ngayon marahil namigay si Billy ng mga prayer card, na sa palagay ko nama'y kanyang . . . Oo, nabanggit ko ito sa kanya. At sa palagay ko nabanggit niya naman sa akin, kani-kanina rin, na nakapamigay siya. Diyan po sa mga 'yan, tatawag ako ng ilan para dumulog sa pila rito para sa pananalangin, maya-maya, para maipanalangin sila. At kung di natawag ang card n'yo . . . Kung—kung natawag po pala, ang ibig kong sabihin, at kung di kayo tiyak sa sarili n'yo na ang Diyos ay ang tagapag pagaling at may kakayahan Siyang pagalingin kayo, wala pong mabuting maidudulot ang pagdulog n'yo rito, dahil di kayo gagaling sa ganyan. Kayo, kung may pag-aalinlangan kayo riyan maski isa lang, sabihin n'yo, "Buweno, ngayon, may kung anong di tuwid sa buhay ko, kinakailangan kong maituwid ito," inyo ngang ituwid ito, muna, at pagkatapos saka po kayo bumalik sa pila para sa pananalangin, kita n'yo.

18 Dahil, ang kagalingan ay tinapay ng mga anak. Alam natin 'yan. Nasa pagtutubos ito, at ang pagtutubos ay ipinapahid muna sa mga kaluluwa natin. At ang kagalingan ay laging nasa pauna ng bawat mensahe, at isa rin itong pamamaraan para akitin ang mga tao na magtipun-tipon. At isa rin itong . . .

19 Maraming tao ang tumatangkilik sa pagtitipon na para sa pagpapagaling, marami ang magsisipunta sa pagtitipon para sa pagpapagaling, o gawaing awitan, pero pagdating sa pagliligtas sa mga aba't ligaw na mga kaluluwa, di ganoong karaming tao ang interesado. Ang gusto lang nila. . .Samantalang 'yun ang pinaka importanteng bagay. Ang Makalangit na pagpapagaling at gawain ng mga awitan, at iba pa, ano lamang ito. . .Gaya ng sinasabi noon ni Kapatid na Bosworth, "Pain baga sa kawil." At ipinapakita mo sa isda ang pain, hindi ang kawil.

20 At isang bagay lamang 'yun, para mapanatili ang mga tao na makinig pansumandali, hanggang sa maipresenta mo na ang iyong mensahe sa kanila. Yan ang ginagawa ng Diyos sa bawat kapanahunan, pababa sa bawat kapanahunan, palaging may gawain ng pagpapagaling. At kung tunay nga itong gawain para sa pagpapagaling, sa likod ng gawaing ito, palagi 'yang, may mensahe. Di kailanman nagbibigay ng tanda para maging tanda lang; pauna ito sa mensahe.

21 At naniniwala ako sa siya ring bagay na ito, labimpitong taon na ang nakararaan, o labingwalong taon na ngayon, noong isugo ako ng Panginoon na magsimulang manalangin para sa mga maysakit. Naging malaking rebaybal 'yun sa gitna ng mga tao. Maraming mga dakilang lingkod ng Diyos ang nagsihayo sa mga malawakang gawain na ito ng pagpapagaling, at, pero kung ang gawain na 'yan ng pagpapagaling, sa sarili lang nito, kung magpapaiwan ka lang sa siya ring kinagawiang takbo nito kung saan ka nakalagi, may bagay na mali, ang gawain na 'yan ng pagpapagaling ay di pinadala ng Diyos. Ang dapat kasi nitong gawin ay kunin muna ang atensyon, kita n'yo, kukunin ang atensyon, at pagkatapos may kasunod na mensahe.

22 Si Jesus, nung Siya'y dumating, na nagpapagaling sa mga maysakit, at iba pa, Siya'y isang dakilang Propeta sa pananaw nilang lahat. Pero nung simulan na Niyang sabihin sa kanila ang Katotohanan, ng Ebanghelyo, kung Sino Siya at sa anong kadahilana't dumating Siya, ang nangyari nga'y Siya'y—Siya'y di na naging popular pagkatapos nun. At ganyan na ganyan nga ang nangyayari noon pa man sa pagdaan ng panahon, at magpapatuloy na maging ganito lagi.

23 Ngayon tayo'y magkakatipon dito sa hapon na ito, at bukas uli ng hapon dito rin sa bulwagang ito. Alas siyete lagi. Tama ba 'yun, kapatid? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Alas siyete y media."—Pat.] Alas siyete y media, bukas ng hapon, o gabi po pala, at pagkatapos Martes ng gabi. At sa palagay ko may Miyerkules ng gabi, rin. ["Hindi na, sa Ramada Inn na, sa Miyerkules."] Sa Ramada Inn na po pala, ng Miyerkules. At sa Huwebes, siyanga, simula na ng—ng malaking gawain. At kung loobin ng Panginoon, ninanais ko ngang makaparito sa lahat ng ito.

24 Narito po ako, na kapatid n'yo, isang tutulong sa Kaharian ng Diyos, para tulungan kayo sa anuman na makakaya ko. Ang sagutin po ang mga katanungan n'yo, hindi ko 'yun marahil kayang gawin. Pero, kung mananalangin, maaari nga nating maunawaan kung ipapanalangin natin ito at dudulog sa Diyos sa bagay na ito, at di tayo gagawa ng sarili nating mga opinyon.

25 Kung kayo nga'y may sakit, kung maaari lang sana'y kaya ko kayong pagalingin, pero walang tao ang makagagawa nun. Tapos na kasi itong gawa. Ang kagalingan ay nariyan mismo't nakasalalay sa inyo. Ang pananampalataya mo ito sa tapos na mga gawa na ginawa ng Diyos sa Kalbaryo, kay Jesus Cristo. At maliban dun, walang kagalingan; at maliban dun, walang kaligtasan; ni iglesya, ni denominasyon, ni rituwal man, walang nagdadala ng kaligtasan. Si Jesus Cristo, "Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo ay gumaling. Siya *ay* nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, mga pagsalangsang," pasensya na po, "sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo *ay*," puro tapos na po, "tayo ay gumaling." Ngayon, sa pamamagitan lamang nun!

26 Wala akong masyadong maraming oras kundi kaunting sandali lang para magsalita, sa hapon na ito, sa inyo, marahil nasa dalawampu, tatlumpung minuto lang, at pagkatapos nun ay magpapapila na tayo para sa pananalangin. Bawat araw, gaya ng inaasahan, may mga bagong tao na nagsisidating pa, kaya may mga bagong prayer card na ipinamimigay pa. Pero sisikapin natin sa abot ng lahat ng makakaya natin, lahat ng ipahihintulot ng Diyos sa atin na gawin, para ipanalangin ang bawat maysakit na dudulog, na nagnanais na maipanalangin.

27 Kung may ibibiyahe nga po rito ng eroplano, na malapit nang mamatay, na kailangang matugunan agad-agad o parang ganun, haya't, puwede po kayong makipagkita kina Kapatid na Williams, Billy Paul, o kung sino man sa kanila para mailagay ang maysakit sa isang silid, dahil ayaw nilang . . . Hindi nga sila puwedeng pabayaan na lang diyan, malapit na silang mamatay, kailangan silang maasikaso agad, kaya, ilalagay sila sa isang silid para matugunan ko sila agad-agad.

28 Pero mas mainam, kung wala kayo sa gipit na kalagayang 'yun na kailangang tugunan agad, na mas mainam na inyong—na inyong kunin ang inyong mga kredo at—at mga paniniwala, at isantabi muna sa gilid nang ilang minuto, para may sapat na panahon na mapakinggan ang sinasabi ng Kasulatan, at kung ano ang gagawin ng Diyos sa Kanyang mga ipinangako. At 'yan ang magpapatatag ng pananampalataya. At kung tutuusi'y di mo na kailangan pang pumila dito sa pila para maipanalangin, o kukuha ng tao para manalangin siya sa inyo. Magaling na kayo, kung masasampalatayanan n'yo lamang ito. Kita n'yo? At ito ang layunin nito, ang maipaunawa sa inyo, ang mamalayan n'yo, ang ginawa ni Jesus para sa inyo.

29 Hindi naman na kinakailangang lumapit pa kayo rito at lumuhod, at manalangin nang manalangin, hanggang sa kayo—hanggang sa kayo ay maligtas. Ligtas na po kayo, haya't ang kailangan n'yo ay tanggapin ito. Hindi 'yang pananalangin n'yo ang magpapaligtas sa inyo. Yang pananampalataya n'yo ang siyang sa pamamagitan n'yan ay kaya kayo'y naligtas, hindi sa pananalangin. Haya't, "Sa pamamagitan ng pananampalataya ay kayo'y naligtas." Ganoon din ito sa pagpapagaling. Tiyak akong nauunawaan ito ng lahat.

30 At kung may mga baguhang dumalo sa ating mga pintuan, gusto naming malaman n'yo, na ako, o ang grupo na ito na kasama ko ngayon, ang Full Gospel Business Men, wala kaming kinakatawan na kung ano riyang partikular na denominasyong organisasyon. Ang aming kinakatawan lamang dito'y ang mga Cristianong mananampalataya na nasa lahat ng denominasyon. Lahat ay malugod na tinatanggap. Kami nga'y nagagalak na makasama namin kayo rito. Sasabihin n'yo, "Buweno, kaanib ako sa isang iglesya, maaari ba akong maipanalangin?" Hindi na mahalaga kung kaanib kayo sa isang iglesya, hindi n'yo nga kailangang gumawa ng kung anu-ano bagkus dumulog lang kayo rito at manampalataya kayo sa Diyos. Yun lang ang kinakailangan n'yong gawin. Ang Diyos ang gagawa ng natitira pa.

31 Ngayon, Ako'y—ako'y. . .napudpod ko na po masyado ang isang Biblia, mula nung magpasimula ako sa mga malawakang gawain ng pagpapagaling, o pananalangin sa mga maysakit, ang ibig kong sabihin. Sa Houston, Texas, nabigyan ako ng Biblia roon, mga taon na rin ang nagdaan, halos labingwalong taon na ang nakararaan, ibinigay ni Kapatid na Kidson at ng kanyang grupo. At napudpod ko na ang Bibliang 'yun, sa pagparoo't parito ko, sa buong mundo, hanggang sa tuluyan ko nang mapudpod 'yun, natatanggal na ang ilang pahina nun.

32 Nabigyan po ako ng bagong Biblia. At ang kakatwa nga po rito. . .Hindi po ako mapamahiin; umaasa ako na kayo po rito'y huwag n'yong isipin na mapamahiin ako. Nung ibigay po sa akin 'yung Bibliang 'yun, may maliit po 'yung. . .may dalawang maliliit na panandang nakaipit sa loob nun, maliliit na taling pananda. Kagaya nung Biblia ko dati.

33 Yung ibinigay sa akin ni Kapatid na Kidson noon ay isang Bibliang Scofield, ngayon, hindi naman sa sumasang-ayon ako kay G. Scofield sa kanyang mga paliwanag. Ngayon, marahil may ilan sa inyo na sumasang-ayon, may ilan sa inyo na hindi sumasang-ayon, pero gusto ko lang ipaalam sa inyo na hindi ibig sabihin na mas pinipili ko ang Bibliang Scofield ay 'yun na ang pinaniniwalaan ko. Ang dahilan po, may paraan siya ng pagbabaha-bahagi ng mga talata na aking. . .Yun po kasi ang isa sa pinaka una kong Biblia, at sa ganoong pagkakatalata ko natutuna't nagamay kong basahin 'yun. At kaya 'yung ganoong

klase ng Biblia ang ginagamit ko lagi. Na, kung may Thompson Chain naman ako, mas mainam po sana 'yun. Mas mabilis kong mahahanap ang teksto ko sa Thompson Chain Reference.

34 Pero nung buklatin ko po 'yung Bibliang 'yun, 'yung unang taling palatandaan na nakaipit dun sa Biblia ay kakatwa po talaga, kung saan 'yun nakaipit. Nakaipit 'yun dun sa nung si Solomon ay kanyang inihahandog ang templo ng Diyos, at ang Kaluwalhatian ng Diyos ay ganoon na lamang kadakila, na ang kaluwalhatiang Shekinah ay naroon sa gusali, na anupa't ang mga saserdote'y di sila makapaministro.

35 At 'yung isa namang tali'y nakaipit dun sa nung si Ezra ay makabalik na't inihandog niya ang templo.

36 At 'yung ikatlong maliit na pananda naman, na ibinigay sa akin ng asawa ko para gamitin at inipit dun sa Biblia, wala akong kamalay-malay, may pangalan ko po 'yun, at iba pa, nakaipit naman sa Marcos 11:22. Inipit lang niya 'yun sa loob ng Biblia, at dun 'yun tumapat, sa, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'malipat ka.'" At lahat kayo'y nalalaman n'yo 'yung isang beses na 'yung Kasulatan na 'yun ay nasa isip ko, kayo po na mga nakikinig sa teyp, nung isang beses na 'yun na lumitaw 'yung mga squirrel, sa may—sa may . . . Dun mismo.

37 At isa pang kakatwa rito, 'yung paborito ko pong ibon, na robin, may larawan nun sa mismong palatandaan, 'yung ibon na 'yun na mapula ang dibdib. At ayon sa alamat, dati raw itong ibon na tsokolate ang kulay; pero nung minsan na may Lalaking mamamatay na, isang araw, sa krus, at ang ibon na ito'y nahahabag nang husto sa Lalaking ito na anupa't lumipad siya roon at pilit na hinihila paalis ang mga pako sa ganang sarili niya, at nalagyan siya tuloy ng Dugo sa ibabaw ng munti niyang dibdib, at mula noon ay mapula na ang kanyang dibdib. Sa ganoong kalagayan ko nga gustong—gustong katagpuin ang aking Tagapagligtas, hayan nga, na ang Kanyang Dugo ay nasa aking . . . nasa loob ng aking dibdib, sa aking puso.

38 At heto na po't sa una kong pagtitipon dito, ang Mensahe'y ipapangaral ko rito, dito nga sa Phoenix, Arizona. Ang *Phoenix* ay isang bagay na nakalilitaw mula sa wala. Yun mismo ang ginagawa ng Diyos. Kukuha siya ng bagay na wala, palilitawin ang isang bagay mula roon.

39 At ang Mensahe ko sa hapon na ito, ay pinamagatang, sa susunod na tatlumpu o apatnapung minuto, "paradox." At nais ko pong magbasa mula sa Kasulatan na . . .

40 Mga ilang taon na ang nakararaan, haya't, nagpapaabot ako ng Biblia, at nagpapapasa ako sa inyo ng Biblia sa akin, noong nagpapasimula pa lang ako sa pagmi-ministeryo ko; at aabutin ko nga sa inyo ang Biblia n'yo, at marami sa inyo ang nakita na akong ginawa ko 'yun noon, hahawakan ko lang 'yun na nakabuklat nang *paganoon*, at sasabihin ko, "Panginoon, saan

po rito ang Mensahe n'yo sa akin?" Bumukas 'yun noon sa Josue, sa unang kabanata, nagpapaabot nga ako sa inyo noon ng kahit anong Biblia noon.

41 Hanggang sa isang gabi may dumating na isang pangitain, na pamilyar na kayo rito, at nakita ko ang Bibliang 'yun na bumababa mula sa Langit, at may kamay na may kulyar sa lupi nito, nang *paganito* bumaba noon sa unang siyam na talata ng Josue.

42 Diyan nga ako magbabasa, sa hapon na ito, para sa aking pagbasa, o sa aking pagbasa ng Kasulatan. Ang teksto ko ay matatagpuan dito sa ika-10 talata at sa—sa. . . dito po pala sa ika-10 kabanata ang ibig kong sabihin at sa ika-12 talata.

43 Bago natin buklatin ang Biblia, iyuko po muna natin ang ating mga ulo pansumandali. Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo't mga puso natin, isipin natin ito. Huwag nating ituring ito na kung anong ordinaryong pagtitipon lamang; lagi na tayong may ganun. Bagkus manalangin tayo sa Diyos, bawat isa sa atin, na ito'y maging ekstra ordinaryo, na ang Presensya ng Diyos ay mapasaatin nang tuluy-tuloy sa buong pagtitipong ito.

44 Makalangit na Ama, kami'y nagpapasalamat sa maringal at dakilang pribilehiyong ito na makaparito sa Phoenix ngayong hapon na ito, nagkakatipon sa malaking bulwagang ito rito, sa piling ng mga tao rito. At ngayon kami po'y padako na po sa Salita. "At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." At nawa po'y maging ganito muli, Panginoon, na ang Salita ay magkatawang-tao, na anupa't bubuhos Ito sa Iyong iglesya at Iyong mga hirang, upang tuparin ang mga pangako ng panahon.

45 Habang napagtatanto namin na kami'y—kami'y pasara na sa panahon, ang panahon ay paubos na. Lumalakip na ito sa Walang Hanggan. At narito kami sa Kanluraning Baybayin. At kung paanong ang sibilisasyon ay naglalakbay, nang Silangan papuntang Kanluran, ay siya rin naman ang Ebanghelyo na naglalakbay kasabay nito. At ngayon wala na nga itong dako na pupuntahan pa kundi bumalik sa Kanluran muli. Kumpleto na po kasi.

46 At kami'y dumadalangin, Makalangit na Ama, na ito po'y maging isang dakilang oras para sa aming lahat, na amin pong maramdaman ang Presensya ng Espiritu Santo, ang Sumulat ng Salitang ito, na manumbalik sa gusaling ito ng tabernakulo ng laman; na inihahayag ang Kanyang Sarili sa amin, sa pagpapatawad ng aming mga kasalanan, sa pagpapatawad ng aming pagsalangsang, at may dalang katiyakan na hindi Niya ibibilang ang kasalanan sa mananampalataya, na may taglay nang katiyakan sa bagay na 'yun. At gayundin na Kanyang pagagalingin ang aming mga karamdaman, at aalisin ang—ang mga tao mula sa kanilang mga silya de gulong at mula sa mga

saklay; at bibigyan sila ng paningin, sila na mga bulag; at—at karagdagang mga araw, para naman sa mga halos mamatay na sa mga katakut-takot na sakit gaya ng kanser at tuberkular, na malulubha, at mga sakit na di kayang puksain ng aming mga doktor. Sobrang malubha, pero, Diyos, Ikaw nga'y higit na lampas sa lahat ng mga siyentipikong pananaliksik. Lampas Ka sa lahat ng pangangatwiran. Iyo pong ipagkaloob sa Iyong mga lingkod, sa hapon na ito, ang pagsasalita at pakikinig sa Iyong Salita, sa paksang: *Isang Paradox*. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

47 Ngayon sa Biblia, sa Josue sa unang kabanata, at sa Josue sa ika-10 kabanata. Sa unang kabanata at unang talata.

> *Nangyari nga pagkamatay ni Moises na lingkod ng* PANGINOON*, na ang* PANGINOON *ay nagsalita kay Josue na anak ni Nun, na tagapangasiwa ni Moises, na sinasabi,*
>
> *Si Moises na aking lingkod ay patay na; ngayon nga'y tumindig ka,* at *tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang ito, hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni Israel.*
>
> *Bawa't dakong tuntungan ng talampakan ng* inyong *paa, ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinalita ko kay Moises.*
>
> *Mula sa ilang at ang Libanong ito hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates, buong lupain ng mga Hetheo, at* sa*. . . nilulubugan ng araw, ay maging inyong hangganan.*
>
> *Walang makatatayong* sinumang *tao sa harap mo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: kung paanong ako'y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita.*
>
> *Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti: sapagka't iyong hahati-hatii't ipamamana sa bayang ito ang lupain, na aking isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila.*
>
> *Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa buong kautusan, na* ang aking*. . . na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod: huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay magtamo ng mabuting kawakasan* saan ka man *pumaroon.*
>
> *Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig; kundi* iyong *pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat* na *nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y*

iyong *pagiginhawain ang iyong* mga lakad, *at kung magkagayo'y magtatamo* ka *ng mabuting kawakasan.*

*Hindi ba kita inuutusan? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot ni manglupaypay: sapagka't ang* P*ANGINOON mong Dios ay sumasa iyo* saan ka man *pumaroon.*

48 [Binabasa naman ngayon ni Kapatid na Branham ang Josue 10:12-14—Pat.]

*Nang magkagayo'y nagsalita si Josue* sa P*ANGINOON nang araw na ibinigay ng* P*ANGINOON ang mga Amorrheo sa harap ng mga anak ni Israel, at kaniyang sinabi sa paningin ng Israel,* Tumigil ka. . .*Araw, tumigil ka*. . . *sa Gabaon; at ikaw, Buwan, sa libis ng Ajalon.*

*At ang araw ay tumigil, at ang buwan ay huminto, hanggang sa ang bansa ay nakapanghiganti sa kaniyang mga kaaway. Hindi ba ito nakasulat sa aklat ni Jasher? At ang araw ay tumigil sa gitna ng langit, at hindi* nagmadaling *lumubog sa isang buong araw.*

*At hindi nagkaroon ng araw na gaya niyaon bago nangyari yaon o pagkatapos niyaon, na ang* P*ANGINOON ay nakinig sa tinig ng tao: sapagka't ipinakipaglaban ng* P*ANGINOON ang Israel.*

49 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang mga Salita. Ngayon ang paksa sa hapon na ito ay: *Isang Paradox*.

50 Ngayon, ang salitang *paradox*, heto nga't tiningnan ko ang ibig sabihin nito para makasigurado ako na—na tama ako, ang ibig sabihin ng *paradox*, ayon sa Webster, ito ay "isang bagay na di kapani-paniwala, pero totoo." Ngayon, alam n'yo, narinig n'yo na marahil 'yung lumang kasabihan na 'yun, na—na, "Ang katotohanan ay higit na" (ano nga uli 'yung tawag nila dun?) "higit na di kapani-paniwala kaysa sa kathang-isip," ito pong katotohanan nga. Dahil, kapag ang isang tao'y nagsasabi ng katotohanan, minsan ito'y di talaga kapani-paniwala.

51 May kilala po akong kaibigan, noon, doon sa Colorado. Nagkaroon sila ng pagbibilang dun noon, bibilangin nila 'yung mga usang elk. At may dalawampu't isang ulo ng elk sa kawan dun. At itong kaibigan ko, haya't, kagagaling lang niya noon sa pangangaso, at siya namang dumating 'yung mga tanod. At 'yung mga tanod nga'y nagbayad pa nang malaki-laki, dun sa konserbasyon, para makahiram ng mga sasakyang pangronda sa niyebe, para makapasok sa kakahuyan at mabilang 'yung mga elk. Sabi nung kaibigan ko, "Di na sana kayo gumastos ng malaking halaga para diyan. Masasabi ko naman sa inyo kung ilang elk ang naroon sa kakahuyan." At tinawanan lang nila siya. Sabi, "Sige ilan?"

52 Sabi niya, "Labing-siyam." Sabi, "Dalawampu't isa talaga 'yung elk dati, at kaso nabaril ko na 'yung dalawa."

53 At tinawanan lang siya nung tanod. Isa lang kasi ang puwede mong barilin dun, alam n'yo. At sabi nung tanod, sabi niya, "Sige na nga, nabaril mo na nga."

54 "Buweno," sabi, "nabaril ko namang talaga. Dalawampu't isa dati 'yung elk, at dalawa ang nabaril ko."

55 At nagtawa lang 'yung tanod at pumasok na sa kakahuyan. At tunay naman talaga, na labing-siyam na elk ang naroon. Kita n'yo?

56 Bumaling siya sa akin, ang sabi, "Nakita n'yo na, pastor, sabihin mo man ang katotohanan, pero di maniniwala ang mga tao rito." Kita n'yo, sinabi lang naman ang katotohanan, kaya tunay ngang mas di kapani-paniwala ito kumpara sa kathang-isip.

57 Itong Josue rito ay isang Aklat, katunayan, isa itong Aklat ng katubusan, ng Lumang Tipan. Ang Josue, ituturing natin ito na ganoon, na Aklat ng katubusan. Dahil, ito'y, ang katubusan ay may dalawang bahagi. Ang katubusan, saanmang dako, ay may dalawang bahagi sa tuwina. Ito pong, itong "paglabas" at "pagpasok." Kinakailangan ng dalawang bahagi para mabuo ang pagtutubos, "paglabas," "pagpasok."

58 Si Moises ang kumakatawan sa batas na naglabas sa kanila sa Egipto, at, samantalang, si Josue naman ang kumakatawan sa biyaya na nagdala sa kanila papasok sa lupang pangako. Sa ibang pananalita, ito pong, itong—itong batas at biyaya ay dalawang magkaibang aspeto ng utos ng Diyos. Ngayon, ang batas ang nagdala sa kanila palabas, si Moises, at si Josue naman ang nagdala sa kanila papasok.

59 Kinakatawan din nito ang isang bagay sa ating panahon ngayon. Ngayon kinakatawan nga nito, gaya ng paglalakbay nila noon, na lumabas sila mula sa—mula sa Egipto patungo sa lupang pangako, ay gayundin naman tayo na tayo'y lumabas sa sanlibutan ng Egipto, ng kaguluhan, upang maglakbay sa daan patungo naman sa lupang Pangako. "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan; kung hindi gayon, ay sinabi Ko sana sa inyo," Juan 14. Paglalakbay "palabas," patungong "papasok."

60 Ang batas ang nagdulot sa atin na mapagtanto natin na nagkamali tayo, pero biyaya ang siyang nagpatawad sa atin. Ang batas nga'y walang inaasahan na—na katubusan, dahil ito nga'y. . .at kaya kinakailangang makumpleto ito. Wala pa kasi itong biyaya, dahil itinuturo lamang ng batas na ikaw ay makasalanan, pero biyaya ang nagsasabi sa inyo kung paano ka makakawala roon. Ang batas ang pulis na nagsusuplong sa inyo na mailagay sa kulungan, pero ang katubusan ang Siyang Isa na dumating upang bayaran ang inyong multa; at kaya naman "paglabas," at "pagpasok," patungo sa biyaya.

61 Isang Efeso. Ngayon makikita natin ang siya ring bagay, na sa Lumang Tipan, sa tingin ko nga'y itong Aklat ni Josue ang saktong lumalakip dito. Ang saktong salita nga rito, ay, ang Aklat ng Mga Taga-Efeso ng Lumang Tipan. Ang Aklat ng Mga Taga-Efeso ng Lumang Tipan, ang siyang mainam na ikabit na pangalan sa Aklat na ito ng Josue, dahil lumalakip ito nang saktong-sakto rito.

62 Ngayon nakita natin si Josue na kumakatawan sa biyaya, o isang kabayaran, na hindi maaaring umiral kasabay ng pag-iral ng batas.

63 Ganoon din ito sa anupamang mensahe, na pinauusad ang mga tao nang pasulong, na hindi nga ito maaaring sumabay sa mensahe na nakalipas na. Hindi ito uubra. Diyan tuloy kayo nagkakaproblema ngayon. Sinabi ni Jesus, "Kumukuha ba ang sinumang tao ng isang—isang bagong damit at itatagpi niya ito sa luma? O ilalagay niya ang bagong alak sa lumang sisidlang balat? Masisira ang mga ito. Bubutasin lang nito iyon." Hindi ito magtatagal sa ganoon.

64 At si Josue nga'y hindi maaaring magsimula sa kanyang pagmi-ministeryo hanggang sa mawala muna si Moises. Kaya makikita n'yo nga sa pinaka unang talata rito, "Si Moises na Aking lingkod ay patay na; ngayon tumindig ka't dalhin mo ang bayang ito sa lupang pangako." Si Moises, na kumatawan sa batas, ay naganap na niya ang takda niyang panahon. Itong, itong batas ay tapos na sa takda nitong panahon.

65 Nagsimula sila noon, kung tutuusin, sa biyaya, sa pinaka umpisa. Bago sila nagkaroon ng batas, may biyaya muna sila. Noong naroon pa sila sa Egipto, wala silang batas; wala silang ganoon dun, mga saserdote lang, at kung sino pa, pero wala silang mga batas. Hindi pa noon naibibigay ang batas. Biyaya ang naglaan sa kanila ng propeta. At, sa gayunding paraan, ang biyaya'y naglaan sa kanila ng pagtutubos, ang haing kordero. Dadako tayo sa bagay na 'yan sa sanlinggong ito, sa hain na 'yan, sa dugo, dahil diyan nakalagak ang inyong kagalingan. Kaya naman. . . Naglaan ng pagtutubos bago pa nagkaroon ng anumang batas. Ang biyaya ay nasa unahan nung batas, sa panahon mismo ng batas, at sa pagtatapos ng batas.

66 Kaya heto nga si Josue, na kumakatawan sa biyaya, naroon mismo't kasa-kasama na siya sa panahon ng batas, pero hindi maaaring umiral hangga't nasa takdang dako pa rin ng pag-iral ng batas.

67 At siya rin naman ang daigdig ng iglesya sa huling mga araw na ito! Ito'y kasama sa paglalakbay, ginampanan nito ang bahagi nito, pero darating ang panahon na lilipas ito. Tunay ngang mangyayari ito. Sasapit at sasapit talaga sa isang Efeso, hayan nga, ang paglalakbay na ito, kung paanong sa ibang mga paglalakbay ay sumapit din ito. Sasapit at sasapit talaga sa isang

Taga-Efeso, isang Efeso, isang Taga-Efeso sa lakbayin na ito. Masdan.

68 Hayan nga't sa batas na 'yun ay walang maliligtas na makasalanan, gaya ng ipinunto ko na kanina. Hinding-hindi kasi maaari. Samakatwid ang lupang pangako'y kumakatawan sa araw ng biyaya. Kita n'yo, hindi niya kasi puwedeng dalhin sila't ipasok, sa paglalakbay na 'yun.

69 At kung papansinin n'yo, sa paglalakbay na 'yun, may tatlong yugto sila sa paglalakbay nilang 'yun. Ang una roon ay paghahanda sa pamamagitan ng pananampalataya, doon sa Egipto, sa ilalim ng haing kordero. Pagkatapos tumawid sila ng Dagat na Pula, papunta sa—sa ilang, isang paghihiwalay, na kumakatawan sa isa na namang yugto sa paglalakbay.

70 Dahil nga, sa ilalim noon ng paghahanda, noong lahat sila'y naghahanda na noon, tapos nung sumapit na sila dun sa—dun sa Dagat na Pula, haya't may kabiguan na naman. Ang mga tao'y hindi nanampalataya, matapos na makita ang maraming mga bagay na ginawa ng Diyos. Sa kabila noon ay hindi pa rin sila nanampalataya. At binuka ng Diyos ang Dagat na Pula at dinala sila papasok, na ito nga'y itinuro sa atin na ang lahat ng mga taong 'yun dun ay binautismuhan kay Moises, sa ilalim ng Ulap at dagat.

71 Ngayon sila'y nabautismuhan, nagsisi't nabautismuhan, at umahon dun upang lumakad patungo sa isang bagong buhay, sa isang bagong lupa, sa isang paglalakbay ng pagbabago, sa piling ng mga binagong tao, at ang kamay ng Diyos ay sumasa kanila. Pero dumating nga sa isang dako, sa paglalakad nilang ito, na sila'y hindi nakuntento sa paglalakad nila sa biyaya. Anupa't napadpad sila sa isang punto na ninais nilang gumawa sa ganang sarili nila.

72 Ngayon 'yan mismo ang iniisip ng mga tao, ngayon, tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, o anupamang ibang gawa ng biyaya, ng Diyos, na kinakailangan n'yo raw gumawa ng kung anong isang bagay. Kayo, hindi n'yo nga kailangang gumawa ng kung anong bagay kundi manampalataya lamang, basta't manampalataya lamang kayo sa Diyos.

73 At, sila, kung nagpatuloy lamang sila! Ang pangako ay di ipinagkaloob sa kanila sa ilalim ng batas. Ang pangako ay ipinagkaloob sa kanila bago ang batas, nang walang kundi-kundisyong nakalakip dun, "Aking ibinibigay sa inyo ang lupaing ito, pumaroon kayo at pumasok rito!" Pero bago nila marating ang pangakong 'yun, nagpasya sila na kailangan daw nilang gumawa ng kung anong bagay sa ganang sarili nila.

74 At, ito'y, nasusumpungan pa rin natin sa gitna ng mga tao mapasa hanggang ngayon. Madali tayong matangay sa ganito, "Kinakailangan nating gumawa ng isang bagay." Pakiramdam

nga nati'y, kailangang-kailangan nating maglagay ng bagay rin natin dito.

75 Kung tutuusin may kinakailangan nga kayong gawin, at 'yun ay ang maisuko n'yo ang inyong sariling kalooban, inyong sariling pag-iisip, sa kalooban at kaisipan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at tapos na 'yun dun. Yun lang 'yun. Pagkatiwalaan mo lang ang Kanyang pangako, huwag ka nang mag-isip nang kung anu-ano pa. Lakaran mo Ito, at Diyos na ang gagawa sa iba pang natitira rito.

76 Haya't hinangad nila ang batas. At ipinagkakaloob sa inyo sa tuwina ng Diyos ang hangad ng inyong puso; Kanya kasi itong ipinangako. Pero nasumpungan nga natin, na nung sila'y lumihis ng isang hakbang lang mula sa panig na orihinal na ipinangako sa kanila ng Diyos, 'yun nga'y naging isang tinik sa laman hanggang sa ang batas ay alisin, hanggang nung si Jesus Cristo ay dumating at mapako sa krus para alisin ang batas. Isa nga 'yung tinik sa laman.

77 At kaya naman anumang bagay na pinagpipilitan mong gawin sa ganang sarili mo, lagi 'yung magdudulot ng kahihiyan sa iyo. Magdudulot 'yun ng kapinsalaan sa iyo. Mas mabuti pang sampalatayanan mo na lamang ang Diyos, at 'yun na 'yun. Ipinangako nga ng Diyos na, "Ako ang Panginoon Mong Diyos na Siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit." Kita n'yo? "Kung mayroong sinuman sa inyo, na may sakit, ay ipatawag nila ang mga matatanda sa iglesya." Ipinangako Niya ito, "Ang mga gawang Kanyang ginawa, ay gagawin din naman sa Kanyang iglesya."

78 Kaya bakit pa natin tatanggapin ang mga organisasyon, at kung anu-ano, na iwinawaglit lang 'yun sa Aklat? Kita n'yo, nagiging—nagiging tinik lamang ito sa laman. At dito nga sa huling kapanahunan, nasusumpungan uli natin ang bagay na ito, nang harapan mismo, dahil sa pagkiling sa pamamaraan ng mga Methodist, Baptist, Presbyterian, at kung anu-ano pa, kita n'yo. Ika'y, ika'y hindi makakausad sa ganyan; kinakailangan mong makabalik sa buong kapuspusan ng Ebanghelyo. Ginawa itong sadya para sa taong puspos, ng isang ganap na Diyos Na nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin. At alam nating totoo ang mga bagay na ito.

79 Ngayon kung mapapansin natin, heto't, itong paglalakbay nila sa ilang ay yaong punto na natamo ng Israel ang pinaka malaking pagkakamaling nagawa nila, hanggang sa Kalbaryo, ito ngang (nasa Exodo 19) nung tanggapin nila ang batas sa halip na biyaya. Kamit-kamit na nila noon ang biyaya. Nasa kanila na noon ang propeta. Nasa kanila—nasa kanila na ang haing kordero. Nasa kanila na ang katubusan. Itinawid na sila noon sa Dagat na Pula. Pinagaling na sila mula sa kanilang mga karamdaman. Nakamtan nila ang tubig mula sa hinampas na

bato. Nakamtan na nila—nakamtan na nila ang manna mula sa langit. Lahat ng pangangailangan nila'y inilaan na sa kanila, at sa kabila nun ay naghangad pa rin sila ng ibang bagay.

80 Ngayon isa nga 'yang ganap na tipo ng Mga Taga-Efeso sa panahon ngayon, saktong-sakto. Lumabas tayo mula sa ilalim ni Luther; dumaan tayo sa pagbabanal, sa ilalim ng Methodist; at sumapit sa pagpapanauli, sa ilalim ng Pentecostes. Saktong-sakto katulad noon, sa paglalakbay sa ilang. At nung ilabas tayo ng Diyos, mabuti ang ating naging kalagayan. Pero anong ginawa natin? Gusto nating maging katulad ng iba pa. Ngayon nalaman nga natin na biyaya lamang ang natatanging bagay na magdadala sa atin nang matiwasay, hindi batas.

81 Si Josue rito ay tipo ng huling-araw na pagmi-ministeryo. Kita n'yo? Ngayon tandaan n'yo 'yung tatlong yugto na 'yun ng paglalakbay. Lahat ng 'yun ay natapos, unang-una 'yung batas at ang lahat ay natapos, nang sa gayon si Josue . . . At ang *Josue* ay siya ring parehong salita ng Jesus, "Jehovah na nagliligtas," na kinuha sila mula sa kanilang ilang papasok doon sa lupang pangako. Ngayon alam kong marami ang naniniwalang . . .

82 At ayaw ko sanang kumontra sa mga iskolar, pero marami sa kanila ang naniniwalang ang lupang pangako'y sumasagisag sa Langit. Hindi ito maaaring sumagisag sa Langit. Hindi po maaari, dahil may digmaan sila dun, at mga kaguluhan, at kaligaligan, at lahat na, sa lupang pangakong 'yun. Hindi nun sinasagisag ang Lupang pangako.

83 Pero kung mapapansin n'yo, bago sila pumasok sa lupang pangakong 'yun, lahat na ng—ng samu't saring hidwaan ay—ay lumitaw mula sa kalagitnaan nila. Sila . . . Isa sa mga matinding lumitaw ay si Core. Ayaw na ayaw niya itong pangunguna ng isang tao lamang. Heto si Dathan, haya't sila nga'y humarap dun kay Moises at pilit nilang iginigiit sa kanya na "ang—ang mensahe'y ang ibig sabihin talaga'y *ganito*," at nilalagyan nila 'yun ng ibang pagpapaliwanag, ng kanilang sariling mga ideya kung ano raw 'yun. At sila'y bawat isa'y namatay! Bawat isa!

Sinabi ni Jesus, "Walang sinuman sa kanila ang anupa't hindi namatay."

84 Ang sabi nila, "Nagsikain ang aming mga magulang ng manna sa ilang, sa haba ng apatnapung taon," San Juan 6.

Sabi ni Jesus, "At ang bawat isa sa kanila'y namatay."

85 Ang ibig sabihin ng *namatay* ay "Walang hanggang pagkakawalay." Lahat sila'y namatay, gayong nagsaya naman sila sa pakikinig ng mensahe, gayong nagsaya sila sa manna na nahulog mula sa itaas. Hindi nga ito ibang manna; tunay na manna talaga!

86 Pero nung dumating 'yung sandali na si Balaam ay humayo dala-dala ang kanyang maling doktrina, at nagsabi, "Lahat

tayo'y isa. Bakit hindi na lamang tayo magsama-sama't hayaan natin na mag-asawahan ang mga anak natin sa isa't isa? Tutal kami'y isang dakilang bansa. Gagawin namin kayong dakila kasama namin." Ngayon sinuman na kahit may pangkaraniwan lang na espirituwal na pag-unawa'y makikita niya na ang siya ring bagay na 'yun ay saktong-saktong nangyayari ngayon, na silang lahat ay pinag-aasawahan. At isa nga itong kasalanan na di mapapatawad. Hindi napatawad ang Israel sa bagay na 'yun.

Pero sa kabila nun si Josue'y umahon para sa exodo.

87 Ngayon naituro na sa atin ito, sa Apocalipsis sa ika-6 na kabanata, sa tingin ko, sa ika-6 na kabanata, ng Pitong Tatak. Dito nga'y. . . Ang Aklat ay natatatakan ng pitong hiwaga, o Pitong Tatak, Apocalipsis 6. At sa huling araw, Apocalipsis 10, sa Apocalipsis 10, makikita natin dun na ang Laodicea, ang huling mensahero ng huling kapanahunan, at sa panahon ng pagpropropesiya niya, haya't ang Pitong Tatak ay bubuksan, pitong mga hiwaga, pitong-lupi ng hiwaga na di pa nahahayag.

88 Sa bawat kapanahunan ay may bagay nga Rito ang iniwang hindi nahayag. Walang panahon ang repormista para ihayag Ito nang buo. Nung panahon ni Luther, nangaral lamang siya ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Nung mawala na siya, nagtayo sila ng iglesya. Pagkatapos nun dumating si Wesley, nangaral siya ng pagbabanal. Hayan nga. At pagkatapos dumating naman ang mga Pentecostal.

89 Pero ipinangako sa atin, ayon sa Apocalipsis 10, at ayon sa Malakias 4, at San Lucas 22:17, at sa iba pa, na darating itong isang—isang Efesong ito. Haya't ipinangako ito, mga kaibigan. May darating at darating na isang Efeso, na itong mga hiwaga ng Salita ng Diyos na pitong-lupi ay mahahayag. At sa kapanahunan ng Laodicea ito magaganap. Naniniwala akong tayo'y—tayo'y naroon na mismo.

90 Naniniwala akong narito na tayo sa mismong mga lilim ng Pagparito ng Anak ng Diyos. At kung paanong si Josue, nung bago lamang ang paglitaw ng Mga Taga-Efeso, ay gayundin si Juan Bautista'y lumitaw bago lamang ang kasunod na Efeso. At tayo nga'y pinangakuan ng isa na naman uling, isa na naman uling Mga Taga-Efeso. Inihula ito sa Kasulatan, kaya naman iniisip kong nabubuhay tayo ngayon sa Mga Taga-Efeso uli. Dun muli sa . . . Ipinangako nga sa atin ang bagay na 'yun na natirang di pa nahayag dun sa pitong kapanahunan.

91 Ngayon hindi mo nga maaaring dagdagan ng anuman ang Aklat, o mag-alis ng anuman mula Rito. Yan ang sinasabi rito sa Apocalipsis 22:18, "Kung sinuman, ang magdaragdag ng isang salita, o mag-aalis ng isang Salita, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay." Kaya naman hindi talaga tayo puwedeng magdagdag o mag-alis.

92 Kaya naman gaya ng pagkakaalam natin na si Luther ay di niya Ito maaaring tamuhin lahat; si Wesley man, at ang iba pa, na mga repormistang, sina Knox, Finney, Calvin, 'yung mga sumunod, at iba pa, hindi nila Ito nakuhang buo, pero 'yung tinaglay nila ay Katotohanang naroon sa Ebanghelyo.

93 Pero dito sa huling mga araw, tayo ay pinagkalooban ng kaunawaan, sa pamamagitan ng Salita, na mauunawaan natin Ito, dahil ito'y magiging kapanahunang Efeso rito. At narito na mismo tayo! Ngayon, paradox! Bibitinin ko muna ito sandali, dahil may sampung minuto na lang ako halos at maya-maya magpapadulog na tayo ng pila para sa pananalangin. Paradox!

94 May ilang mga tao, sa panahon ngayon, ang di naniniwala sa mga himala. Sinasabi nila na sadyang di sila "makapaniwala na may ganitong bagay na gaya ng mga himala sa modernong kapanahunang ito." Buweno, hindi ko naman sinasadya na makapagsabi ng bagay na masama sa mga taong ganito, pero sila nga'y mga taong manhid sa espirituwal. Sila, sila, sila'y—sila'y mga bulag sa espirituwal. Wala silang espirituwal na paningin o espirituwal na pandama, ni kaunti. Dahil, walang tao ang puwedeng maupo sa karamihan ng mga tao, kung saan ang Espiritu Santo ay bumubuhos nang husto, maski ang lalaki na ito'y ganap na makasalanan, o babae man, haya't kanilang mararamdaman at mararamdaman ang Presensya ng Diyos, kapag nakita mo ang Salita na ipinangako Niya na natutupad. Kaya manhid ka talaga kung hindi; at kapag nakita mo naman na ito sa sarili mong mata, na nagaganap, tapos wala pa rin ay bulag ka ngang talaga, sa espirituwal, hindi po sa pisikal ang tinutukoy ko rito. Haya't tunay namang maaari kang maging bulag sa espirituwal, at twenty-twenty naman, sa pisikal na paningin.

95 Naaalala n'yo ba si Elias noon sa may—sa may Dothan, noong maparoon siya't binulag niya ang buong hukbo roon? Sinabi nga ng Biblia na binulag niya. At dinala niya mismo sila sa patibong, nung di nila makilala kung sino siya. At gayong siyang-siya rin naman 'yun kung anong itsura niya talaga, at di naman nagbago, at nagpunta siya mismo sa kalagitnaan nila. Pero mga bulag nga sila.

96 At magagawa mo ngang tumayo sa Presensya ng buhay na Diyos, magagawa mo ngang tumayo sa ilalim ng pahid ng Espiritu at magagawa mong makita Ito na kumikilos, at sa kabila ng lahat ng 'yun ay di ka pa rin naantig Nito. Magagawa mo ngang makita ang sinabi mismo ng Diyos, na ipinangaral sa iyo mismo nang ganap na ganap at mangyayari 'yun, at sa kabila nun ay di pa rin tumitimo, "di ako sumasampalataya Rito," kaya naman, hayan nga, wala nang remedyo sa iyo. Ika'y patay na't, manhid, binulag, ligaw na. Gayong hayag na hayag naman na.

97 Ang daigdig. Iniisip ko, kung ang siya ring taong ito na di naniniwala sa himala, iniisip kong hayan nga't kung ang mga bagay lamang na kayang ipaliwanag, na matatawag na totoo, ay ito ngang mga bagay na mapapatunayan ng siyensiya? Iniisip ko kung may maihaharap kayong siyentipiko sa akin, o sinuman na hindi naniniwala sa himala, na ipaliwanag sa akin kung paanong nananatili ang daigdig sa pag-inog nito. Paano kaya nito pinapanatili ang sakto nitong tiyempo, sa palibot ng ekuwador at ang direksyon ng pag-ikot nito, at sadyang sakto talaga? Ni wala nga tayong anumang makinarya, o relo, o ano mang iba pa, na kayang makapanatili ng tiyempo nang ganoon; ang gamit nati'y nawawala nang ilang minuto kada buwan. Pero ang araw nga'y saktong-sakto sa oras nito. Libong taon man ang lumipas, di pa rin siya nawawala sa puwesto; saktong-sakto, hustong-husto.

98 Paano ngang nagagawa ng buwan, na bilyong milya ang layo mula sa mundo, na nagagawa nitong kuntrolin ang taas ng tubig. Sabihin n'yo sa akin kung papaanong dito sa kalawakan ng mga bituwin na kinatitirhan natin, paano ngang nagagawa ng buwan na maapektuhan ang tubig sa mundo? Sa batayang siyensiya, sabihin n'yo sa akin kung paano 'yun magagawa. Hindi n'yo magagawa, dahil walang siyentipikong paraan para ipaliwanag ito. Pero ang Diyos nga'y inilagay ang buwan para bantayan ang dagat. At kapag nagsisimulang ibaling ng buwan ang likod nito, kapag bumabaling pakabila ang mundo, heto na naman uli ang pagtaas ng tubig. Pero kapag gigising na siya, sa parating na umaga, babaling naman siya sa gawi *rito*, 'yung tubig nga'y babalik sa dati nitong taas uli. Isa nga 'yung tagapagbantay.

"Oh," sasabihin n'yo, "sa baybay-dagat lang naman 'yun nangyayari." Hindi po.

99 Maging dito mismo sa Arizona, hanggang dun sa kaloob-loobang estado ng Kentucky, sa tuwing maghuhukay ka ng butas sa lupa nang malalim-lalim na makasusumpong ka ng tubig-alat sa ilalim. Makikita n'yo dun, na kapag ang taas ng tubig ay bumaba, 'yung tubig-alat na 'yun ay bababa sa tubo. At kapag tataas naman 'yung tubig, tumataas din 'yun, gayong daang-daang milya ang layo sa baybay-dagat.

100 Maaari nga tayong makapangaral ng pangangaral tungkol sa bagay na ito. Kung paanong ang Diyos, kahit na, naroon pa Siya sa Kaluwalhatian ay hayang ang mga panuntunan Niya ay nananatiling 'yun pa rin ang epekto sa buong mundo at sa kahit sinong tatanggap sa pangako. Inilahad na ang Kanyang panuntunan. May mga batas Siya ng kalikasan, at—at sila'y—sila'y ganap na susunod nang may katapatan, nandun man sila sa Pentecostes o anumang kapanahunan. Anumang panahon na ang Diyos ay nangako, mananatili Siya roon sa pangakong 'yun maski saang lupalop man naroon ang mga tao, ilang libong

taon man ang pagitan sa isa't isa. Ang Kanyang mga batas ay nananatiling ganoon pa ri't di nagbabago.

101 Gaya nga ng paglaglag ng binhi sa lupa, haya't ito nga'y nabubulok, at nang sa gayon makapaglabas ito ng panibagong buhay uli. Parang mas makatwiran, na kung ang binhing 'yun ay maglalabas ng panibagong buhay, mas makatwiran sigurong nasa perpektong hugis dapat ito. Kung may buhay naman na ito sa loob nito, bakit hindi na lang lumabas 'yun nang ganoon? Kinakailangan pang ilagay sa lupa, para umusbong ang buhay. Bakit kinakailangan pang ang lahat ng nakabalot sa buhay na naroon, lahat ng nakabalot sa napakaliit na binhing 'yun na di makita-kita ng tao, bakit kaya kinakailangan pang ang lahat ng materyal na nakabalot dun sa munting binhing 'yun ay dapat munang mamatay? Upang umusbong nga ang bagong buhay. Pero kinakailangan munang ang lahat ng nakabalot dun ay mamatay at mabulok, bago ito makauusbong ng buhay.

102 Kaya ganoon din ito sa isang indibiduwal. Hangga't ito'y sinisingitan ng anumang gawa ng tao, ideya ng tao, ang binhi ng buhay ng Diyos, ang Espiritu Santo, ay hindi gagana. Hindi ka nga maaaring gumaling hangga't may—may kahit katiting na bahagi saanman, na hindi pa nabubulok; lahat dapat kasi ng pantaong elemento nito, lahat ng siyentipikong ideya, lahat ng "ang mga araw ng himala'y lumipas na," ganito-ganyan. Lahat ng 'yun ay dapat, buong-buo, hindi lang basta mamatay, kundi mabulok pa, dun lamang pagkatapos nito tutubo ang binhi ng Buhay na maging bagong buhay. Sa ganoong paraan lamang ito tutubo.

103 Yan ang dahilan kung bakit hindi natin natatamo ang mga bagay na hinihiling natin. Pilit nating inilalagay rito, sa ganang atin, ang kayrami-rami nating mga sariling kaisipan.

104 Yan ang dahilan kung bakit hindi makausad-usad ang iglesyang Lutheran nang mas malayo sana kaysa sa naabot nito, maging ang mga Pentecostal at iba pa; dahil siningitan nila, sa pamamagitan ng sangkalipunan ng mga teologo, "Hindi *Ito* ang ibig sabihin nito. Para sa ibang panahon *Ito*. At para *Ito* rito." Kaya napag-iwanan sa ganoon. Di kasi ito makatutubo sa ganap na larawan ni Cristo hanggang sa ang bawat Salita ng Diyos ay matanggap sa inyo, at pagkatapos nun ay saka ka pa lang magiging ang Salitang 'yun. Magiging kawangis nung binhi na 'yun na nailagay sa lupa.

105 Gusto kong ipaliwanag nila ang Mga Hebreo 11:3. Ang pinaka magaling na siyentipikong nagkaroon tayo, sa abot ng nalalaman ko, ay si Einstein. Dito nga hindi pa katagalan, dito sa New York, pinakikinggan ko 'yung bagay na sinabi niya. At siya nga'y nangungusap noon tungkol sa kalawakan ng mga bituwin, at kung gaanong kalapad ito, at napatunayan niya na may Walang Hanggan talaga. Kung paanong ang isang tao,

na maglalakbay nang simbilis nang milyon-milyong milya kada oras, na kung tutuusi'y matagal ang gugugulin niya, o simbilis ng milyong taon na paglalakbay ng liwanag na pagkakasyahin sa isang oras lang, na kung tutuusi'y maraming taon dapat ang gugugulin niya para makarating dun, isa, tatlong daang libong taon o parang ganun, at pagkatapos tatlong daang libong taon uli pabalik. At pagkatapos pinatunayan sa pamamagitan nun, sa kung anong paraan, na ang taong 'yun ay mawawala lang sa daigdig nang limampung taon lang. Walang Hanggan!

106 At isa lamang itong munting kalawakan ng mga bituwin, nung hipan ng Diyos ang mga ito sa Kanyang kamay! Sinabi 'yun mismo ng Biblia! At sa huli'y nagpahayag si Einstein nang ganito, "May iisang paraan lang para maipaliwanag ng kahit sinong tao ang pinagmulan ng daigdig na ito, at 'yun ay makikita dun sa Mga Hebreo 11:3. 'Natatalastas natin na ang sanlibutan ay natatag sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.'" Yun mismo ang totoo. Ni hindi nga kayang mapahapyawan man lang ito ng siyensiya. At pagkatapos sasabihin n'yo na hindi kayo naniniwala sa himala? Papaano n'yo nahahayaang magkaganito?

107 Papaano nga maipapaliwanag ng sinumang siyentipiko ang ulan ni Noe, samantalang di pa noon nagkakaroon ng maski isang patak man lang ng ulan sa mundo nung panahong 'yun? Pero sinabi ni Noe na magkakaroon ng ulan! At nung dumating 'yung ulan ni Noe, ito nga'y salungat sa lahat ng siyensiya; ni walang kaulap-ulap sa itaas, ni hindi pa nagkakaroon ng kahit anong ulan sa itaas dun. Magagawa nga nilang patunayan na walang ulan sa itaas dun. At mangyari ngang nung buksan ng Diyos ang kalangitan at ibuhos nang husto ang isang—isang malakas na pagbulwak na inanod ang buong sandaigdigan, isa nga 'yung paradox; ganoon na lamang 'yung hindi maarok ng isipan, hindi maipaliwanag. Pero alam nating ginawa nga 'yun ng Diyos, dahil sinabi 'yun mismo ng Biblia. At may patunay tayo rito sa lupa, ngayon, na nangyari nga 'yun. Ginawa 'yun ng Diyos. Isa 'yung paradox.

108 Nung kumuha ang Diyos ng matandang lalaki, na ang pangalan ay Abraham, sa edad na pitumpu't limang taon; at ang asawa niyang babae'y, animnapu't lima, sobra-sobra na ang nilampas sa panahon ng buhay, menopause na. At nung kunin Niya ang lalaking 'yun at pangakuan siya ng isang pangako, sa edad na pitumpu't limang taon; sa pamamagitan ng babaing ito na ikinasal sa kanya, na kanyang—kanyang kapatid na babae sa ama. At matagal-tagal na rin niyang nakasama ang babaing ito mula pa nung maliit na dalaginding pa lang ito; marahil ikinasal sila nung ang babae'y isang—isang kabataang babae pa lamang, at heto na siya ngayon animnapu't limang taon na. At ang sabi, "Magkakaroon ka ng anak sa pamamagitan ng babaing ito."

109 At ano kaya kung ang sinabi ni Abraham, "Di ako—di ako—di ako naniniwala sa mga paradox na 'yan. Di ko—di ko kayang tanggapin ang bagay na 'yan"? Haya't di sana 'yun nangyari.

110 Pero, nakita n'yo nga, kung sinasabi n'yo na naniniwala kayo sa isang bagay, ang dapat nga'y mailagay n'yo 'yun sa gawa. Pagkatapos nga nun si Abraham ay inutusan na ihiwalay niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng di pagsampalataya, at lumakad nang mag-isa sa Diyos. At sa halip na manghina, siya ay lumakas pa nga. At nung siya'y sangdaang taon na, at si Sarah naman ay siyamnapu, dumating ang sanggol.

111 Papaano ngang nagawa ni Abraham na kunin ang mismong anak niya, maglakbay nang tatlong araw, siyamnapung milya marahil ang layo sa anumang kabihasnan, doon sa pinaka ituktok ng bundok na ipinakita sa kanya ng Panginoon, para ihandog ang sarili niyang anak, na si Isaac? Si Isaac nga'y pasan-pasan niya noon ang kahoy, at gaya ng nalalaman natin, isa 'yung tipo ni Cristo. At sa ituktok ng bundok na 'yun ay ihahandog niya si Isaac bilang hain, at nung magawa na niya ang lahat na sinabi sa kanya ng Diyos maliban sa sasaksakin na niya ang sarili niyang anak hanggang mamatay, sa may leeg, noon ngang hugutin na niya sa kaluban nito ang sundang at itaas ang kanyang kamay para tumalima sa Diyos, sa mismong salita! Ang dahilan nga'y sinabi ng Biblia, na, "Alam niyang hindi makakapangako ang Diyos maliban na tupdin Niya iyon. At tinanggap niya siya na gaya ng isang mula sa mga patay, na kaya Niyang ibangon siya mula sa mga patay at ibigay siya muli sa kanya."

112 At nung handa na siyang tumalima sa Diyos, sa kabuoan nito, sinalo ng Diyos ang kanyang kamay at nagsabi, "Ihinto mo ang kamay mo, Abraham." At may lalaking tupa roon na nasabit sa ilang, sa mga baging, nasabit ang sungay nito, sa ituktok mismo nung bundok na 'yun, kung saan may mga leon, lobo, hyena, asong-gubat, at malalaki't mababangis na hayop na kumakain ng tupa. At pagkatapos ang tupang ito ay naroon sa ituktok mismo ng bundok na 'yun na walang katubig-tubig. Papaano nakarating ang tupang lalaking 'yun dun? Puro bato lang ang nasa buong paligid dun na pinagpupulot ni Abraham, para makagawa ng isang—isang dambana. Pero hayun nga ang isang lalaking tupa, sa di malamang paraan. Isa 'yung paradox.

113 At ang sinumang tao na sumasampalataya sa Diyos at nagtitiwala sa Kanya sa Kanyang Salita, kahit ano pa ang situwasyon, gagawa at gagawa ang Diyos ng isa uling paradox, para tuparin ang Kanyang Salita. Haya't, tinawag ni Abraham ang lugar na 'yun na *Jehovah-jireh*, "ang Panginoon ay naglaan para sa Kanyang Sarili ng isang hain." Mapasa hanggang ngayon ay magagawa pa rin Niyang magdulot ng isang paradox na ito'y mangyayari. Maaari nga Siyang gumawa nun sa hapon na ito, kung pagtitiwalaan mo lamang Siya sa Kanyang Salita.

114 Si Daniel, mula sa isang yungib—yungib na puno ng gutom na mga leon, papaanong nangyari sa taong 'yun. . . Papaanong nangyari ang bagay na 'yun sa lalaking 'yun, na naroon siya sa grupo ng mga gutom na leon, na nakapanatili siya sa loob ng kuwebang 'yun, buong gabi, nang di man lang napahamak? Ang Anghel kasi ng Panginoon, na di nakikita ng sinu-sino na lang na iba, ay nakatayo roon. Isa 'yung paradox. May kung anong bagay nga na anupa't pumigil sa mga leon na 'yun para sakmalin siya.

115 Nung pumasok ang kabinataang Hebreo sa nagniningas na hurnong 'yun, salungat nga 'yun sa lahat ng siyentipikong kaunawaan, ng maunlad na panahong 'yun. Hindi kayang patunayan ng siyensiya na ang isang tao ay ibubulid sa loob ng hurno, na ang nangyari pa nga dun, 'yung mga kalalakihan na naghatid sa kanila roon ay nangamatay, at sila nama'y nabulid dun sa hurno at nabuhay sa loob ng hurno nang matagal, at ang bagay lang na nagawa nun sa kanila'y kalagan sila sa pagkaka tanikala nila. Isa nga 'yung paradox. Hindi 'yun maipaliwanag, hindi kayang maarok ng isipan, subalit 'yun naman talaga ang katotohanan.

116 Heto nga si Josue, na ipinapangusap natin. Papaano ngang magagawa ng isang taong ito, na isang pangkaraniwang tao lang naman na kaaahon lamang sa—sa—sa grupo ng mga kredo na binuo ng mga tao dun, at mga batas lang at seremonya, na wala namang nakasaad dun na nagsasabing binibigyan ang isang tao ng kapangyarihan na pahintuin ang araw. Pero heto nga, taglay ang isang atas mula sa Diyos, "Ibibigay ko sa inyo ang bawat kapiraso ng lupang matutungtungan ng talampakan ng inyong mga paa. Ako ay paroroon." At nagapi ang mga kalaban.

117 Papalubog na noon ang araw. Kung ang mga haring 'yun doon ay mabibigyan ng panahon para tipunin uli ang kanilang pangkat sa kasunod na araw, siguradong malalagasan siya ng mga tauhan. Pero nalalaman nga ni Josue na kinakailangan niya ng liwanag mula sa araw. At tumingala siya sa araw, at nagsabi, "Tumigil ka sa Gabaon. At, buwan, huminto ka riyan sa Ajalon." At sa isang haba na 'yun na isang buong araw, sa buong magdamag na 'yun, ang araw ay tumigil lang dun at ang buwan ay huminto lang dun. Isa 'yung paradox. Ang isang tao na lumalakad sa kalooban ng Diyos ay magagawa nga niya ang isang bagay na katulad nun, dahil siya'y nasa. . . siya'y naroon muli sa isang—isang Efeso, sa isang—isang Mga Taga-Efeso sa—sa Ebanghelyo. Tunay, isa nga 'yung paradox.

118 Si Moises na hawak-hawak ang isang tungkod sa kanyang kamay, ang pagpunta niya roon at para palayain ang mga anak ni Israel, isa nga 'yung paradox, dahil nga ang Egipto ay talaga namang husto sa hukbo at mga sariling kawal na mga sinanay nang husto sa pakikidigma. Isa 'yung paradox.

119 Yung panganganak ng isang birhen ay isang paradox. Papaano magagawa ng isang birhen, haya't salungat nga 'yun sa lahat ng makasiyentipikong kaunawaan, na ang isang babae na hindi naman nasipingan ng isang lalaki, ay magsisilang ng sanggol; at di lang basta isang sanggol, kundi si Emmanuel pa nga, na Siyang saktong-sakto sa sinabi na nung una kung ano ba talaga ang mangyayari dun. Papaano 'yun nangyari? Isa nga 'yung paradox. Dahil, ang Diyos mismo'y nagsalita sa Kanyang propeta, daan-daang taon bago pa, at ang propeta na 'yun ay tumalima sa Salita ng Diyos, at ang Salita ay nabigkas. "At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin." At atin 'yang sinasampalatayanan. Tunay, isa 'yung paradox.

120 Papaano nga Siya nakalakad sa ibabaw ng tubig, isa 'yung paradox. Ang isang tao, na ganyan lang kalapad ang iyong paa, ay di mo 'yun magagawa. Pero nagawa Niya. Ano 'yun? Isang bagay na di maipaliwanag, pero isa nga 'yung paradox. Ginawa 'yun ng Diyos. Sinasampalatayanan natin 'yun.

121 Ang pakainin ang limang libong tao, sa pamamagitan lang ng dalawang isda at limang tinapay? Pero nagawa nga Niya. Di lang basta isda ang pinarami, kundi lutong isda pa nga; hindi lang basta tinapay, kundi lutong tinapay pa nga. Papaano Niya nagawang maging alak 'yung tubig? Lahat ng 'yun ay paradox!

122 Pinagaling Niya ang mga maysakit, na, may ketong. Na, wala silang kahit ano, mapasa hanggang ngayon, wala nga ang siyensiya, ng anumang lunas na makapagpapagaling sa ketong, pero pinagaling 'yun ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Isa 'yung paradox.

123 At Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang Salita Niya'y nakapagpapagaling pa rin ng maysakit. Isa 'yung paradox, tunay nga.

124 Ibinangon Niya ang patay, matapos na ang mortal na buhay ay lumisan na sa kanila; si Lazaro, 'yung anak na lalaki nung babae sa may Nain, at 'yung anak na babae ni Jairo. Ibinangon Niya ang patay, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, dahil Siya mismo ang Salita.

125 At isa pang dakilang bagay, magtatapos na po tayo, para patunayan na Siya ang Mesiyas. Para patunayan kung ano nga Siyang talaga, Siya'y dumating sa tinakdang panuntunan, at tumugon, sa Salita. At ang sinabi ng Salita, nung magsalita Siya sa propeta, "Ang Panginoon mong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na kagaya ko."

126 Maraming kalalakihan ang nagsilitaw bago pa man. At sa mahabang panahon na 'yun, sa loob ng daan-daang taon, wala silang naging propeta. Oh, sila'y nagkaroon ng mga saserdote't bantog na mga tao, at gaya ng mababasa natin sa kasaysayan sa pagitan ng panahon ni Malakias at Mateo, apat na raang taon

’yun, na nagkaroon sila dun ng dakilang mga kalalakihan. Pero di nagkaroon ng propeta.

127 At pagkatapos nung pumasok na Siya sa eksena, upang patunayan na Siya yaong Efeso na ’yun na nahayag, pinabatid ’yun ni Juan. Na si Jesus ngang talaga Iyon, Siya ang mismong Salita na nahayag, Siya Mismo.

128 Nung lumapit noon si Pedro sa Kanya isang araw, kasama si Andres, ang pangalan pa nga niya noon ay Simon. At nung nakatayo noon dun si Jesus, nang di pa nakikita kailanman ang lalaking ’yun sa buong buhay Niya, (pakinggan n’yo po itong maigi) nung tumayo Siya roon at tingnan ang lalaki, at ang sabi nga, “Ang pangalan mo ay Simon, at anak na lalaki ka ni Jonas.” Isa ’yung paradox. Siyanga. Tunay na isang paradox.

129 At nung si Felipe, na nakatayo roon noon, nung marinig niya ito at makilala na ang lahat ng pagkakakilanlan na ’yun ay ang Mesiyas na talaga, siya nga’y nakakasigurado. Kanyang sinampalatayanan ’yun. Hindi kasi siya manhid, o bulag man. Nagmadali siya sa kabilang paikot ng baybayin, nasa ilang milya rin, at dinala ang kanyang kaibigan, na ang pangalan ay Natanael. At nung papalapit na ang kaibigang ito. . . Hayan nga ang pananampalataya ng lalaking ito, na nagawa niyang magdala ng isa pa sa pagtitipon, para makasaksi mismo!

130 Nung papalapit na ang kaibigang ito sa harap ni Jesus, ang sabi ni Jesus, “Narito, heto ang isang Israelita, na sa kanya’y walang daya.”

131 Pinamangha nun ’yung lalaki. Sabi niya, “Kailan Mo ako nakilala?” Ngayon masdan, di nga ito kayang arukin ng isipan. Ito’y—ito’y di kayang maipaliwanag. Sabi niya, “Papaano Mo ako nakilala?”

132 Sabi, “Bago ka pa tawagin ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng punongkahoy, nakita na Kita.” Isang paradox!

133 Kinailangan Niya noong, dumaan ng Samaria. At nung magdaan na Siya roon sa Samaria, sa isang bayan ng Sicar, naupo Siya roon habang hinihintay ang Kanyang mga alagad na nagpunta’t bumili lang ng pagkain. At, pansinin, may isang babae na nagpunta sa may balon, na masama ang reputasyon. At ang sabi Niya dun sa babae, “Babae, kuhanan mo Ako ng maiinom, o dalhan Mo ako ng maiinom.”

134 At ang sabi nung babae, “Hindi kaugalian para sa Iyo na humiling n’yan. Tayo’y, ako’y isang Judio. . . o Samaritana, at Ikaw ay Judio naman. Wala—wala kaming dapat na kaugnayan sa Iyo.”

135 Sabi Niya, “Pero kung nakikilala mo lamang kung Sino ang kinakausap mo!” Masdan n’yo itong paradox na nakatakdang mangyari. Huwag n’yo pong palampasin. Sabi, “Paano—paano mong nagagawa ito, nasasabi ito? Ako, ako’y isang babaing taga-

Samaria, at isa Ka namang Judio. Wala tayong kaugnayan sa isa't isa."

136 Sabi Niya, "Pero kung nakikilala mo lamang kung Sino ang kinakausap mo, o kung Sino ang nagsasalita sa iyo, ika'y—ika'y hihingi sa Akin ng maiinom." At nagpatuloy lang Siya hanggang sa masumpungan Niya kung nasaan ang suliranin nung babae. At sabi Niya, "Pumaroon ka't dalhin mo rito ang iyong asawang lalaki't pumarito."

At sabi nung babae, "Wala akong asawa."

137 Sabi Niya, "Katotohanan 'yan. Wala ka talagang asawa, dahil nagkaroon ka ng lima, at 'yung isa na kinakasama mo ngayon ay di mo asawa. Samakatwid, nagsasabi ka ng totoo."

138 Sabi nung babae, "Ginoo, napagkikilala kong isa Kang propeta." Wala nga silang nakita ni isang propeta nang daan-daang taon. Sabi, "Nalalaman namin na ang—ang Mesiyas ay parating, at, sa pagdating Niya, Kanyang sasaysayin ang mga bagay na ito."

Sabi Niya, "Ako Siya."

139 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Isang paradox na pinatotohanan, at ito'y nasumpungan na Katotohanang naroon sa Ebanghelyo; isang Ebanghelyong ipinangako ito, at heto nga ito ritong nangyari at pinatotohanan kung ano talaga ito.

140 Ngayon hayaan n'yo lang na bigyan ko kayo rito ng isang dakila't katangi-tanging paradox, pansumandali. Dito sa Juan 14:12, sinabi ni Jesus, ipinangako rito, "Ang mananampalataya na sumampalataya sa Kanya, ay gagawin ang gayunding mga gawa." Tama po ba? Ang Diyos, sa Kanyang paggawa ng batas o isang pangako, ay tutuparin talaga ang pangakong 'yun, para maituring na Diyos talaga. Kanya naman talagang tinutupad 'yun. Ang isiping, ang Diyos. . . Aba, isa nga Itong paradox, sa Sarili Nito Mismo; dahil ang Diyos, na Siyang gumagawa ng pangako at hindi magagawang sumira sa pangakong 'yun, ang ibigay nga ang pangakong 'yun tungkol sa mga bagay-bagay na Kanyang ginawa, sa Kanyang mga hirang, tapos tumugaygay sa mga kapanahunan hanggang sa Siya'y magbalik na muli. "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha; lahat ng nilikha, sa buong mundo. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, at ang hindi sumampalataya ay parurusahan; at ang mga tanda na ito ay tataglayin ng mga nananampalataya." Kinakailangan Niya talagang tuparin ang Salitang 'yun. At dahil sa sinalita Niya ito, lumabas nga ito sa Kanyang bibig, nararapat lamang na matupad ito.

141 Nararapat lamang na ang lahat ng Kasulatan ay matupad. Kaya isang paradox, na maituturing, ang marinig mismo si Jesus, na Anak ng Diyos, na magbibitiw ng ganitong klaseng pananalita, "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay siya rin

namang gagawin ninyo." Ngayon sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Isa 'yung paradox, dahil dapat talaga 'yung mangyari. "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit isang Salita man na Aking sinalita ay di mabibigo kailanman," sabi Niya. Kinakailangan talagang matupad.

142 Ngayon, mga kaibigan, nananampalataya akong Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ako'y nananampalataya na Siya ay may ganoon pa ring kakayahan sa hapon na ito na papangyarihin, sa gusaling ito, ang isang paradox, dahil ipinangako Niya itong mangyayari.

143 At mas lalo pa kaya na ipinangako Niya, mas lalo pa kaya ang pagtugaygay nito sa Biblia, sa mismong kapanahunang ito, isang panibagong Efeso muli, ng mga kapanahunan ng iglesya. May pitong kapanahunan tayo ng iglesya, at ipinangako sa atin sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea na magkakaroon muli ng panibagong Efeso muli. Siyanga. At narito na tayo. Ako'y nananampalataya, nang buong puso ko, na si Jesus Cristo na Siyang gumawa ng pangakong 'yun . . .

144 Gaya ng nabanggit ko noon sa huli kong mensahe, na narito nga 'yun sa may tapat ng dingding, noong narito ako mga ilang linggo na ang nakalilipas. Sa tuwing igagalaw mo ang iyong daliri, lumilibot 'yun nang paikot-ikot sa buong mundo, walang tigil. Bawat kilos na ikikilos mo, makikita mo 'yun sa Paghatol. Pinatunayan ng telebisyon na narito talaga 'yun, ang ikaapat na dimensyon. Dahil, hindi naman magagawa ng telebisyon na basta na lang gumawa-gawa ng ipapalabas, sinasagap lang nito 'yung wave at ipinapasok 'yun sa tube, at makikita mo 'yung palabas. Kulay, lahat, lahat ng bagay na nangyayari sa palibot ng mundo, lahat ng mga nangyayari rito ngayon, gumagawa ng rekord. Darating ang araw, na ang rekord mo ay tatapusin na, at kinakailangan mong managot sa rekord na 'yun. Siyanga.

145 Diyos, Iyong itulot na ako'y lumakip nang lubos, itulot na ako'y maging lubos na patay sa aking sarili at sa lahat ng mga bagay-bagay sa paligid ko, pero gising ang kamalayan sa Salita ng Diyos na nabubuhay sa kalagitnaan namin ngayon!

Manalangin tayo.

146 Panginoong Jesus, isa Ka ngang paradox, nung ang Diyos ay magkatawang-tao. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyo pong ihahayag ang Iyong Sarili sa hapon na ito, pinatutunayan sa amin na mga dumalo ngayon. Hindi lamang po mapatunayan sa amin . . . May, sa palagay ko, nasa siyamnapung porsiyento, o higit pa, ng mga taong nakaupo rito, ang sumasampalataya, sa bawat Salita. Pero ang makita Ka nga namin muli, at mabatid na itong Salita na Iyong sinalita, na naglalakbay paikot-ikot sa buong mundo, katulad ng isang rekord, kami nga'y makapasok sa rekord na 'yun, ngayon, Panginoon. Iyong itulot sa amin

na makapasok at di lang basta mapakinggan ito na para bang galing lang ito sa pangalawahing pinagmumulan, mula sa bibig ng tao; bagkus maitulot na ang bibig na 'yun, at ang tao at mga tao, lahat ng nakaupo rito, ay maging Iyong Salita. Kami po'y handang mamatay, Panginoon, sa aming sariling mga pag-iisip, nang sa gayon makita namin na Iyong tinutupad ang Iyong pangako, "Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo naman." Idinadalangin ko na Iyo pong ipagkakaloob ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

147 Bago lamang tayo tumawag ng mga dudulog sa pila para sa pananalangin. Ako po'y kumakain noon ng kaunting sorbetes isang araw, kasama ang isang matandang doktor na kaibigan ko. Sabi niya, "May gusto akong itanong sa iyo, Billy."

Sabi ko, "Sige po."

148 Sabi, "Naniniwala ka ba sa . . . " Dito ko po nakuha 'yung ideyang ito, *paradox*. Sabi, "Naniniwala ka ba sa paradox?"

Sabi ko, "Oo naman."

149 Sabi niya, "Alam kong—alam kong naniniwala ka." Sabi niya, may binanggit siya sa akin na isang partikular na tao na gumaling, naipanalangin noon; na nung araw ay nabentahan niya ng gamot para sa epilepsy, nang halos mga ilang taon din, minsan nasa pito o walong beses sila sumpungin sa isang araw; matapang 'yung gamot. At sabi niya, "Hindi na sila bumalik pa para kumuha pa uli ng gamot. At palagi ko na silang nakikita; wala nang sakit." Sabi, "May gusto akong sabihin sa iyo na isang bagay, para ipaalam sa iyo na ako'y—ako'y naniniwala sa bagay na 'yan na sinasabi mo."

150 Sabi niya, "Nung panahon noon na bagsak ang ekonomiya, itong anak kong lalaki rito ay naroon noon sa parmasya." Sabi, "Siya'y—siya'y may tinulungan noon na isang kabataang lalaki, ang sabi pa'y . . . Nakatayo sila noon sa pila, para sa gamot." At sabi, "Lumapit ang isang lalaki dun, at kasa-kasama niya ang asawa niyang babae," sabi, "isang munting babae, siya'y . . . Iyo ngang mahahalata sa babae at mapapansin na siya'y malapit nang magsilang, ng isang sanggol." At sabi, "Di na niya kayang tumayo pa roon sa pila, kaya dinala nung lalaki—nung lalaki 'yung asawa niya sa may pintuan na mismo, at 'yung babae'y nakasandal na sa balikat nung lalaki."

151 At sabi, "Nilapitan sila nung anak kong lalaki, sabi, 'May maitutulong po ba ako sa inyo?' Sabi, 'Opo,' sabi, 'heto po ang reseta na galing sa doktor. Pero,' sabi, 'ibig ko sanang linawin sa iyo.' Sabi, 'Ako'y . . . wala pa kaming pambayad.' Sabi, 'Kukunin pa lang namin 'yung pera sa munisipyo, pero hindi na kayang maghintay ng asawa ko. Ang sabi ng doktor dapat na niyang makuha ang gamot agad.' At sabi, 'Kung mamarapatin mo lang na ibigay sa kanya agad ang gamot, magpupunta ako agad dun

at tatayo sa pila hanggang sa makuha ko—makuha ko ang pera mula sa munisipyo.'

152 "At sabi nung anak ko, 'Ginoo, pasensya na po talaga.' Sabi, 'Labag po kasi 'yan sa aming—aming mga panuntunan dito, na magbibigay kami ng gamot ng wala munang bayad.' Alam n'yo naman ang kalagayan noon nung panahon na 'yun. At sabi, 'Ako po'y—ako po'y awang-awa rin naman sa kanya, pero di ko talaga puwedeng gawin 'yun.'"

153 Sabi, "Nakaupo ako noon sa likod nagbabasa ng diyaryo. At sinilip ko, at," sabi, "may kung anong bagay sa loob ko na di maipaliwanag na nag-alab sa puso ko." Sabi, "Lumapit ako, sabi ko, 'Sandali lang, anak, sandali lang.' Papaalis na noon 'yung lalaki sa may pinto, sabi niya, 'Buweno, sandali lang po, ginoo,' palabas na sana ng pinto." At sabi, "Sabi ko, 'Sandali lang,' sabi, 'ano bang nagyayari?' Sabi ng anak ko, 'Buweno, ito po kasing lalaki rito . . . ' Ipinaliwanag 'yun ng anak niya sa kanya."

154 Sabi niya, "'Patingin nga po ng reseta.' Sabi, 'Maghintay ka lang dito, iho, ikukuha kita ng gamot.'"

155 Sabi, "Nagpunta ako dun sa likuran at tinimpla ko 'yung reseta nung doktor na nakasulat doon sa kanyang papel." At sabi, "Bumalik na ako roon, at makukuha ko naman 'yung bayad." Sabi, "Ibinigay ko 'yun sa kanya, nang di ako sigurado kung mababayaran ba ako o hindi, pero naisip ko na mabuting gawin ko 'yun." Sabi, "Para bang nararamdaman ko na dapat kong gawin 'yun." At sabi, "Billy, nung ilagay ko 'yung—'yung gamot sa kamay nung babae," sabi, "ang Panginoong Jesus pala 'yun." Sabi, "May nakita akong Lalaking nakatayo roon." At sabi niya, "Nabasa ko paglaon, na sinasabi sa Kasulatan, 'Yamang inyong ginawa sa pinakamaliliit na ito, na Aking maliliit na anak, ay sa Akin ninyo ginawa.'" Sabi niya, "Billy, anong nangyari noon sa mga mata ko? Talaga bang nakita ko 'yun?"

156 Sabi ko, "Siyangang, talaga. Naniniwala ako. Naniniwala ako na iyong ginampanan nang ganap ang tungkulin mo bilang isang nagbebenta ng gamot, sa sandaling 'yun na kinailangan talaga ng agarang tugon. Sinabi ni Jesus, 'Ang ginawa ninyo sa mga iba pang ito, ay sa Akin ninyo ginawa.' Kaya naniniwala ako rito."

157 At ako nga'y naniniwala na ang siya ring bagay na 'yun noon ngayon, ay narito mismo sa piling ng mga tao rito, na si Jesus Cristo ay magagawa Niyang ihayag ang Sarili, magagawa Niyang Siya ang Salita na nagkatawang-tao sa kalagitnaan natin sa hapon na ito. Masasampalatayanan n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain kayo ng Panginoon.

158 Ngayon magtatawag na tayo ng mga prayer card, para makalapit na ang mga tao. At di na tayo makakapagtawag ng masyadong marami, dahil sa palagay ko ngayon, tinitingnan ko rito ang orasan, may dalawampu't limang minuto na lang ako

hanggang sa magtapos na tayo ng alas kuwatro, sa itinakdang oras, pero magtutuluy-tuloy lang tayo. Ngayon magsimula tayo sa prayer card, sa palagay ko A. Tama po ba? A, magsimula tayo sa A, bilang isa.

159 Sino po ang may hawak ng prayer card A, bilang isa? Isa-isa po namin kayong tatawagin, para kung kayo'y pilay maaari namin kayong alalayan dito. Sige po. Prayer card A, bilang isa. Sino po ang may hawak, itaas mo lang ang kamay mo, kung nasaan ka man sa gusali? Card, dun sa pinakalikod. Magagawa mo bang makalapit, binibini, kung kaya mo lang. Bilang isa, dalawa, sino po ang may hawak ng prayer card bilang dalawa? A, bilang dalawa, maaari mo bang itaas ang iyong kamay kung kaya mo lang. . . Kaya mo bang maglakad? Sige, magpunta lang po rito, magpunta lang sa gilid na ito rito. Bilang tatlo. Kung puwede pong itaas mo agad ang kamay mo, matatawag kita—matatawag kita agad, di na natin kailangan pang maghintay nang matagal. Prayer card bilang tatlo, itaas mo lang ang iyong kamay. Sige, 'yung lalaki sa banda roon. Sige, magpunta na po kayo, ginoo.

160 Prayer card bilang apat, maaari mo bang itaas na agad ang kamay mo, kung magagawa mo agad na mabilis. Prayer card bilang apat. Sige. Bilang lima. Habang tinatawag ko, tumayo na po kayo agad, bilang lima. Sige. Bilang anim, bilang pito, bilang walo, bilang siyam, sampu—sampu. Ngayon, isa, dalawa, tatlo, apat. . . Sampu, sige. Labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat. Ikaw na lumalapit, ginoo, bilang labing-apat ba? Sige. Labing-apat, labing-lima. Buweno, puwede, puwede na. . . Puwede na 'yan siguro ngayon, puwede na ito sa hapon na ito, dahil wala na tayong masyadong oras.

161 Ngayon tingnan n'yo. Gusto ko pong ibigay n'yo sa akin ang buo n'yong pansin. Ngayon, ipinangako ni Jesus ang bagay na ito, na, "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunman makikita ninyo Ako." Sumasampalataya ba kayo riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang "sanlibutan," ang *sanlibutan*, ito ngang "panuntunan ng sanlibutan." Kita n'yo, haya't, alam Niya na sila'y matutuon dun sa mga nauusong kalakaran at mga bagay-bagay. "Hayang di nila Ako makikita, gayunman makikita ninyo Ako." Dahil ipinangako Niya, "Ako'y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Tama po ba? ["Amen."] At ang sabi ng Biblia, Mga Hebreo 13:8, "Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Naniniwala ba kayo roon? ["Amen."] Isa po 'yung pangako.

162 Ngayon, hindi n'yo na nga kailangan pang umakyat dito, para mapagaling. Ang kinakailangan n'yo lang gawin ay kayo'y manampalataya na ang Salitang 'yun ay Katotohanan. Ngayon hinihiling ko po sa inyo, kung mamarapatin n'yo, na maging mataimtim lang at tahimik sa loob ng ilang sandali.

163 Nakalapit na bang lahat sila, Billy? May dalawa pa, tatlo pa? Anong sabi? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Tatlo pa."—Pat.] Tatlo pa? Bilang tatlo, prayer card bilang tatlo. Ano, paano, ano nga uli ang salitang Mehikano para dun, sa bilang na tatlo? May makapagsasabi ba? [May nagsasabi, "tres."] Sige, sigurado namang narinig nila 'yun. Ano, haya't, sinuman po ang may hawak sa prayer card na 'yun, magpunta lang po rito sa pila, kung maaari po? Oh, sige. Oh, sa palagay ko hawak na 'yun ng isa rito kanina, at kaso di siya sigurado, at bumalik na lang sila. Sige. Ngayon, ngayon ano po kaya kung . . .

164 Ang lahat po ba'y nananampalataya nang buo n'yong—nang buo n'yong puso? Buweno, manalangin po tayong muli kung ganoon.

165 Panginoong Jesus, nalalaman namin ngayon na magagawa naman naming basahin ang iyong Salita, sa husto ng aming kaalaman, na ipaliwanag Ito. Pero, Panginoon, Ikaw lamang ang tanging Isa na makapagpapatunay Rito. Ikaw lamang ang tanging Isa na makapagsasabi kung Ito ba'y tama o mali. At, Ama, dalangin ko ngayon na Iyong itulot na ang mga mata ng mga tao'y mamulat. Nawa'y makita namin ang isang paradox sa hapon na ito, na, Panginoon, sapat upang makita ng mga tao na Ikaw ay narito, na Ikaw nga'y hindi—hindi naglaho, na ang Iyong Salita ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Dahil, Ikaw mismo ang Salitang 'yun. Para sa kapakanan ng mga maysakit, Panginoon, kapakanan ng mga nakararanas ng pagdurusa; marahil marami ang naparito mula sa iba't ibang bahagi ng bansa, bahagi ng bansang ito, sila marahil . . . sila'y lubos na nagdadalamhati, na di sila kumportable maigi sa mga pagtitipon, na kabaligtaran sana, kung sila'y magaling lamang. Dalangin ko na Iyo po silang pagalingin. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. At ngayon kami ay anupa't mga pisikal na mga tao lamang, at ang magagawa lang namin ay ipangaral ang Salita at sabihin ang sinabi Mo na Katotohanan, haya't ngayon Ikaw lamang ang Isa na makapagpapaging totoo rito. Dalangin ko na Iyo po itong ipagkaloob, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

166 Ngayon gusto ko pong hingin ang inyong buong pansin, kahit sandali lang po, at maaari na munang maupo ang lahat ngayon nang ilang minuto. Ngayon, sa abot ng nalalaman ko, haya't, wala po akong nakikita na nakikilala ko rito sa loob—sa loob ng gusali, na nakikilala ko. Ngayon, hindi n'yo naman na kailangang sumampa rito para mapagaling, alam 'yan ng lahat. Kita n'yo?

167 May isang munting babae, minsan, hindi siya makakuha ng prayer card, parang ganun po, at hinipo nung babaing ito ang Kanyang damit. At Siya'y bumaling at tumingin, at sabi, "Sino ang humipo sa Akin?" At lahat sila dun ay tumangging hindi sila. At tumingin Siya sa paligid at nakita ang munting babaing ito. Hindi nga niya maitatago ang kanyang sarili, dahil, kita

n'yo, ang Espiritu ng Diyos, na naroon sa Kanya, ay pinatunton 'yun sa Kanya. Siya ang Salita. At tinunton Nito ang babae, at sinabi Niya sa babae kung anong suliranin sa kanya. Na may pag-agas siya ng dugo, at siya'y pinagaling. Sinampalatayanan niya 'yun. At agad-agad, 'yung kanyang katawan, naramdaman nung babae na 'yung pag-agas ng dugo ay natigil, (tama po ba?) huminto sa mismong oras na 'yun.

168 Ngayon Siya ay sadyang siya pa rin ngayon. Hindi n'yo na kailangang lumapit pa rito. Ngayon, ang sabi ng Biblia rito sa Bagong Tipan, ay, "Si Jesus ang ating Dakilang Saserdote." Sinasampalatayan ba natin 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang tanging Dakilang Saserdote na mayroon tayo, ang tanging Tagapamagitan na mayroon tayo sa pagitan ng Diyos at ng tao, ay ito pong Lalaking ito, si Cristo Jesus. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? ["Amen."] At sabi ng Biblia, "Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa mga kahinaan natin." Tama ba 'yun? ["Amen."] Ilan po rito ang nalalamang totoo 'yan? Itaas n'yo lang ang inyong kamay para kanilang. . . Sige. Ako nga'y wala sa piling ng mga taga-labas, sa Salitang ito.

169 Ngayon paano nga Siya kikilos kung hihipuin n'yo Siya? Siya nga'y kikilos na tulad ng kung anong ikinilos Niya nung narito pa Siya noon, dahil Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

170 Ngayon sampalatayan n'yo lang 'yan. Sabihin n'yo lang, "Ngayon, Panginoon, ako'y nagpupunta nang nagpupunta sa mga pagtitipon na puwede kong puntahan, pero sasampalataya po lamang ako, sa oras na ito. Ako—ako'y hindi ko nga iisipin ang aking sarili. Ako'y sasampalataya lamang nang buong puso ko, na Ikaw ay narito. At ako po'y may pangangailangan, at Iyo lamang. . . Iyo akong tulungan, Panginoon." Kita n'yo? Ngayon gawin n'yo 'yun. Huwag po kayong mangamba; basta't—basta't manampalataya lamang nang mahinahon.

171 Ang kaloob na pananampalataya ay hindi isang bagay na tatanggapin mo at gagawan mo ito ng kung anu-anong bagay. Ang kaloob na pananampalataya ay itong inaalis n'yo ang sarili n'yo sa daraanan nito. Ang kaloob ay 'yung pag-alis n'yo sa inyong sarili sa daraanan.

172 Ngayon heto ngang nakatayo rito ang isang babae. Alam ng Amang Diyos, sa abot ng nalalaman ko, na hindi ko pa nakikita ang babaing ito sa buong buhay ko. Isa siyang ganap na di ko kakilala. Pero, haya't wala pa po sa dalawa o tatlong tao ang nakikita ko riyan, na kakilala ko.

173 Sa palagay ko si Gng. Vayle ang nakaupo rito, ang asawa ni Kapatid na Lee. Di ko lang sigurado. Tapos itong tatlo o apat na lalaking nakaupo sa banda rito ay kakilala ko. Sa abot ng

nalalaman ko, sila lang lahat ang nakikita ko sa pagtitipong ito sa oras na ito, na kakilala ko. Sa palagay ko si Kapatid na Anthony Milano ang nakaupong 'yan diyan, mula New York. Si Kapatid na Pat Tyler mula Kentucky. Maliban sa kanila . . . Sa palagay ko narito rin si Fred Sothmann sa kung saan, narinig ko siyang sumigaw ng "amen" kanina. Hanggang, hanggang ganun lang karami, at batid 'yan ng Makalangit na Ama.

174 At itong babae na nakatayo rito, haya't hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Wala akong kaide-ideya kung anong ipinunta niya rito. Isa lang siyang babaing umakyat dito sa entablado, kagaya lang n'yo na nakaupo riyan.

175 Ngayon, kung ang babaing ito'y nangangailangan, buweno, haya't ako'y—ako'y, kung magagawa ko lang na matulungan siya, ako'y—ako'y tutulong. Pero ngayon ako—ako . . . Depende 'yan sa pangangailangan niya. Kung pera, marahil ako'y—ako'y bubunot lang ng lima o sampung dolyar. Lampas dun, di ko po lang alam, kita n'yo, maliban na lang kung bigyan ko siya ng tseke na maipapalit sa hinaharap na petsa, kapag nakuha ko na ang sahod ko sa susunod na buwan. Pero ngayon paano kung suliranin naman sa tahanan ang suliranin niya? Hayan nga't sasabihin ko, "Puntahan mo't sunduin mo ang iyong asawa, pag-usapan natin ito, marahil matutulungan ko kayo. 'Hindi ko po alam kung paano ako makakauwi'? Buweno, sasabihan ko ang isa rito kung maaari ka nilang isabay, ihatid ka sa iyong bahay, na dadaan din sa lugar n'yo. Dun sa tinitirhan mo sa kalyeng 'yun kung saan?" O anupaman, hindi ko po alam. Pero kung ito'y karamdaman, haya't di ko—di ko lang po alam. Kita n'yo? Pero di ko po nakikilala ang babae.

176 Pero may Isang narito, itong Salita, na nangakong, "Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo."

177 Ngayon, marahil, ano kaya kung ang babaing ito ay may sakit, marahil may kanser siya, marahil may TB siya, at, o kung ano na hindi na kayang remedyuhan pa ng gamot sa—sa lala nito? Buweno, ngayon, hindi ko magagawa, ako po sa sarili ko'y kahit anong gawin ko'y di ko mapapagaling ang babae.

178 Pero ngayon kung maihahayag Niya sa akin kung anong hinihiling nung babae, gaya nung ginawa Niya noon sa babae sa may balon, o gaya nung pagkakasabi Niya kay Natanael, o—o pagkakasabi kay Simon kung anong pangalan niya. Sabi, "Ang pangalan mo ay Simon. Anak ka ni Jonas. Mula ngayon tatawagin kang *Pedro*, na ang ibig sabihin ay 'munting bato.'"

179 Buweno, ngayon, kung magagawa Niyang gawin ang isang bagay na gaya nun dito sa harapan n'yong lahat, ipinapakita lang n'yan na ang Salita ay Katotohanan. Ngayon, ilan po ang nananampalataya riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mayroon po ba rito na nakakakilala sa babae, itaas n'yo ang inyong kamay, mayroon po ba rito sa gusali? Oo,

marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya. Sige. At batid ng Ama na di ko kakilala. Buweno, ngayon, tingnan lamang natin kung anong sasabihin Niya. At 'yun, 'yun po ba'y maituturing na isang paradox? ["Amen."] Hindi ko alam kung anong suliranin sa kanya. Di ko alam kung anong ipinunta niya rito, o anuman tungkol sa kanya. Pero nalalaman 'yun ng Diyos.

180 Ako'y makikipag-usap sa babae. Ngayon ito po ang pinaka unang taong humarap sa akin, matapos ang tatlong buwan. Ngayon gusto ko lamang makipag-usap sa binibini, nang ilang sandali. At ano po ito? Kinakaugnay ko ang espiritu niya. Gaya nung ginawa ni Jesus sa babae dun sa may balon, kinauugnay ang kanyang espiritu.

181 Ngayon, kung magagawa ng Panginoong Jesus, binibini, na maihayag sa akin kung anong suliranin sa iyo, o ano ang iyong ipinunta rito, o anumang bagay tungkol dun, na alam mo ngang wala akong nalalaman tungkol dun, o parang ganun, ikaw ba'y maniniwala na Siya ito? Siya naman talagang dapat ito, di po ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Siya naman talagang dapat ito. Kung gagawin nga Niya, haya't lubos-lubos talaga ang ating pasasalamat na malaman nating tayo'y . . . na ang Salita Niya'y tama talaga, na pagkatapos nito'y mailalagak natin ang ating pagtitiwala roon.

182 Ngayon, kung magagawa Niyang ihayag kung ano ang suliranin mo, sa akin, at samantalang di naman kita nakikilala, at alam mo 'yan; pero ngayon kung magagawa Niyang ihayag sa akin kung anong suliranin mo, o isang bagay tungkol sa iyo, haya't ipinapakita nga n'yan na may Espiritu rito, sa may isang dako, na nakakakilala sa iyo, at alam mong di ko alam. Kaya hindi ito tao, ang Espiritu ito. At 'yan ang ipinangako ng Diyos sa panahong ito ng Efeso. Sinasampalatayanan mo ba 'yan na 'yan nga'y Katotohanan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, sumasampalataya po ako."—Pat.] Nawa'y ipagkaloob Niya ito.

183 May nakikita akong isang bagay, siya'y pinahihirapan ng kung anong problema sa sinus banda *rito* sa itaas ng kanyang ulo. Totoo 'yun. Diba? Itaas mo ang iyong kamay kung totoo nga. Pero kung sinus lang ay di ka babahing nang babahing na gaya n'yan, kaya marahil sipunin ka sa alikabok, din. Tama. Hindi ka taga-rito sa Phoenix. Taga-roon ka sa isang dako na maraming—maraming mga burol, mga puno. Taga-Flagstaff ka. Tama. Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung sino ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Ikaw si Gng. Earl. Oo. ["Tama."] Tama 'yun, di po ba? Ngayon humayo ka na, na sumasampalataya, tapos na itong lahat.

184 Ngayon Siya ba'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, batid ng Makalangit na Ama na ngayon ko pa lang nakita ang babaing ito. Masdan n'yo po ang pagpapatibay sa

Salita. Ngayon, hindi po ako ito, isa lang akong tao. Kagaya ng isang mikropono, walang tunog na lumalabas dito kung di ako magsasalita rito, o sinuman. At ganun din ang tao na walang tunog na lumalabas sa ganang sarili niya. Bagkus ang Espiritu 'yun, at ang Espiritu na 'yun ay nariyan mismo sa kalagitnaan n'yo. Kita n'yo? Siya ang tagapagpagaling, hindi ako.

185 Kumusta po kayo, ginoo? Isa na namang lalaki na di ko kilala. Di ko po kilala ang lalaki. Ngayon, sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa nakikita ang lalaking ito sa buong buhay ko.

186 Pero ngayon ang Espiritu, ang Espiritu Santo, ang Espiritu Santo at si Jesus Cristo ay ang siya ring parehong Espiritu. Ang Isa na pinahiran, si Jesus, ang Tao, ay ang Anak ng Diyos, haya't ang Espiritu Santo na sumasa Kanya ay Diyos. "Ang Aking Ama ay tumatahan sa Akin." Kita n'yo, ang Espiritu Santo Ito, kaya siya pa rin itong Diyos.

187 Ngayon kung magagawa ko lamang na alisin ang sarili ko, ng lalaking ito ang sarili niya, sa daraanan, kung magkagayon ang bahagi na 'yun ay patay na, pagkatapos ay mahahayaan na ang Espiritu ng Buhay na kumilos. Kita n'yo? Kaya naghintay lang ako ng ilang minuto, para makita kung anong mangyayari hanggang sa umiral na ang pahid.

188 Kung magagawa ng Panginoong Diyos, kung saan naroon tayo sa Presensya Niya, na ihayag sa akin, ginoo, kung ano ang suliranin mo, o isang bagay na ginawa mo, o—o isang bagay tungkol sa iyo, kahit anong bagay. Haya't, kung makapag-uusap pa tayo, nang mas matagal mas darating 'yun. Pero, kita mo, may iba pang nakatayo sa pila. Pero kung masasabi lang Niya sa akin kung ano ang suliranin, makasasampalataya ka ba na ako'y Kanyang lingkod, at sasampalataya na Siya'y narito mismo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Isang pumutok na sugat. Tama? ["Tama nga. Opo."] Tama.

189 Ngayon sasabihin mo, "Paano 'yun nagawa?" Sana alam ko. Walang makakapag paliwanag nito. Yun nga ang paradox. Kita mo?

190 Heto, para mapagtanto mo, may isang bagay pa akong nakikita, isang pagsusuri; may sakit ka sa puso, rin. Itaas mo ang iyong kamay. G. Anderson, maaari ka nang umuwi ngayon, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Tama. Manampalataya ka lamang, sumampalataya. Huwag mag-alinlangan.

191 Kumusta ka naman, ginoo? Estranghero tayo sa isa't isa. Hindi kita kakilala. Sa abot ng nalalaman ko, ito ang unang pagkakataon na nakita kita, para makilala kita. Siyanga. Pero kilala Niya tayo, tayong dalawa.

192 Ngayon alam mo ba kung bakit nagaganap ang mga bagay na ito? Pinahihintulutan kasi ito ng Kanyang biyaya, nang sa gayon madala nito ang mga tao na magkaroon ng kamalayan sa Diyos. Ngayon, wala nga akong nalalaman na anumang bagay tungkol

sa iyo, wala nga akong kaalam-alam tungkol sa iyo, isa ka lang taong di ko kilala na lumapit dito. Ngayon ganap na paradox nga ito kung mangyayari ang isang bagay, na—na malalaman ko kung anong suliranin sa iyo, o isang bagay na nagawa mo noon, o isang bagay na dapat ay hindi mo ginawa, o isang bagay na dapat ay ginawa mo, o kung sino ka o anumang bagay tungkol sa iyo. Yun nga'y maituturing na paradox, dahil walang paraan para sa sinuman na malaman ang mga 'yan, sa labas ng kung anong kapahayagan ng di nakikita. Siyanga. Ngayon kung gagawin nga Niya 'yan para sa iyo, sa pagitan mo at ako, nang sa gayon ang mga nakaupong narito . . . hindi para magtanghal, pero para makita nila na ang—ang Efeso ay narito, na ito ang bagay na nagdudugtong sa pagitan ng denominasyon at Maluwalhating Lupain. Ipinangako Niya ito, nang sa gayon magkaroon sila ng katiyakan na ang sinasabi natin dito ay ang Katotohanan.

193 Ngayon ang makilala ka, alam mong di kita kilala. Haya't, itaas mo ang iyong kamay para makita ka ng mga tao . . . Ako, hindi ko pa nakikita ang lalaking ito sa buong buhay ko. Isa lang siyang lalaki na nakatayo rito. Tanungin n'yo man sa iba. Pero ikaw nga'y pinahihirapan ng sugat na 'yan na pumutok. May almoranas ka rin. Siyanga. Nanggaling ka pa sa malayo, para lang makaparito. Hindi ka nga Amerikano. Isa kang taga-Canada. Isinama mo rito ang iyong anak na may karamdaman sa pag-iisip. Yun ang totoo. Gusto mo bang sabihin ko sa iyo kung saan ka galing? Galing ka sa probinsya ng Sasketchewan, bayan ng Saskatoon. Manampalataya ka nang buong puso mo, at pauuwiin kayo ng Diyos na maayos na ang kalagayan, pati ang iyong anak na lalaki, kung makasasampalataya ka. Ikaw ba'y sumasampalataya? Pagpalain ka ng Diyos.

194 Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Panginoong Diyos ay nananatiling Diyos. Kita n'yo? Wala nang iba pa kundi Siya lamang.

195 Kumusta po kayo? Heto ang isang ginang, isang di ko kakilala, marahil nakatatanda. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan; haya't isa lamang siyang—isa lamang siyang babae na nakatayo rito. Kinakailangan ko nang madaliin ito, dahil may pito o walong minuto na lang ako ngayon, kita n'yo. Tumingin ka lang dito. Sinasampalatayanan mo ba na ang lahat ng mga bagay na ito ay totoo? Nang buong puso mo? Alam mo naman na imposible para sa akin na malaman ko kung anong suliranin sa iyo, o anumang bagay tungkol sa iyo. Pero di 'yun imposible para malaman ng Diyos, dahil alam na Niya noon pa man bago pa magkaroon ng mundo. Hindi ba't tama 'yun? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama 'yun."—Pat.]

196 Ilan dito ang naniniwalang totoo talaga 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay. Alam Niya ang bawat pagkurap ng iyong mata. Siya'y walang hanggan. At isipin mo nga ito; na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na ipinakita

Niya, sa pamamagitan ng Kanyang Ebanghelyo, ang siya ring mga bagay noon ay ipinangako Niyang gagawin. Kaya ibig sabihin may Langit at tayo nga'y patutungo roon. At narito na tayo sa Efeso ngayon. Narito na tayo ngayon, lumabas mula sa isa, pumasok sa isa pa.

197 Napakarami mong suliranin sa iyo, mga komplikasyon, napakaraming suliranin sa iyo. At hindi ka taga-rito. Galing ka pa sa kanluran mula rito. Galing ka pang California. Tama. May anak na lalaki ka rin na may sakit. Tama. Ikaw. . . May isang bagay pa, patuloy kong nakikita ang isang tubig o malaki't malawak na lawa. Oh, siyanga, may—may kakilala ka na malapit sa iyo, na nakatira sa Chicago, na kilala ako. Tama. Yun ang totoo. Ngayon, alam mo na hindi kita kilala, pero ikaw ba'y makasasampalataya na kilala ka ng Diyos? Gng. McGuire. Natamo mo ang hinihiling mo. Umuwi ka na nagpapasalamat sa Diyos.

Kumusta ka? Mukhang batang-bata ka pa't malakas.

198 Pero wala ngang pinipili ang karamdaman at sakit. Ilan po ang nakakaalam n'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sadyang alam natin na wala itong pinipiling tao.

199 "Kung makakaya mong manampalataya nang buong puso mo at buong kaluluwa mo!" Ang hika na 'yan ay lilisan sa iyo kung makasasampalataya ka lamang nang buong puso mo.

200 Yang sakit sa dibdib, sumasampalataya ka bang lilisanin ka nito, rin, kapatid na babae, at iigi ang iyong kalagayan? Ano itong hinipo mo? Dalawampung talampakan ang layo niya sa akin, o higit pa nga. Ang Panginoon po ang hinipo niya. Ito'y paninikip, ng mga ugat. Magiging maigi ang iyong lagay.

201 Isang dakilang bagay ang dahilan ng pagtayo ng binibining ito rito. Siya ay ganap na di ko kakilala. Hindi ko pa nakikita ang babaing ito. Pero siya'y dinala rito ng ibang tao. At ang dahilan kung bakit siya naparito, ay dahil napakinggan niya ang teyp na inirekord ko. At narito siya na naghahangad ng bautismo ng Espiritu Santo. Yan mismo ang ipinunta niya rito. Yun ang totoo, binibini. Siyanga. Lumapit ka rito.

202 Minamahal na Diyos, ang kabataang ito na nakatayo rito, na kumakawala mula sa kadiliman papuntang Liwanag, nawa po'y matanggap niya ang Espiritu Santo; makauwi siya at sa kanyang mga mahal sa buhay, maipakita sa kanila ang mga dakilang bagay na ginawa sa kanya ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos. Huwag na huwag mag-alinlangan. Manampalataya ka.

203 Magagawa ng Diyos na pagalingin ang lahat ng uri ng pagkanerbiyos at (sinasampalatayanan mo ba?) sakit na hika, at paigihin ang lagay mo. Sinasampalatayanan mo ba 'yun? Kung

ganun humayo ka na, sumampalataya nang buong puso mo. Nawa'y pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki.

204 Ilang taon na po kayo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tatlumpu't walo."—Pat.] Kinakailangan ngang makawala ka na agad sa lahat ng pagkanerbiyos na 'yan, di po ba? Sa lahat ng dinanas mong 'yan na sinusumpong ka ng panghihina, at lahat ng nangyayari sa iyo. Pero lumisan na ito sa iyo ngayon. Siyanga, po.

205 Ang Diyos ay nagpapagaling ng pagkanerbiyos, pati sakit sa tiyan, din. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? Kung ganoon kumain ka na ng gusto mo. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

206 Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan, bawat isa sa inyo riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

207 May isang lalaking nakaupo rito na ang—ang kamiseta ay, nakatingin nga siya sa akin, oo, tiningnan pa niya ang kamiseta niya ngayon-ngayon lang. Oo. Sumasampalataya ka ba na kaya ng Diyos na pagalingin ang sakit sa glandula, pabubutihin ang lagay mo? Ikaw nga'y sumasampalataya kanina pa (di po ba?), nung sandali ring 'yun na pinagaling 'yung maliit na batang lalaki sa hika nito. Sige't umuwi ka na, kapatid, bubuti ang pakiramdam mo, rin, kita mo. Manampalataya ka nang buong puso mo.

208 Ang munting binibini na nakaupo sa tabi ng asawa mo riyan, makasasampalataya ka ba na bubuti ang lagay ng mga mata mo, rin? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang sakit mong 'yan sa mata? Itaas mo ang iyong kamay kung 'yan ang idinadalangin mo. Kita n'yo?

Ano ang hinipo nila? Si Jesus Cristo na Anak ng Diyos.

209 Sinasampalatayanan mo ba? Sinasampalatayanan mo ba, kabataang lalaki? Mapapagaling ng Diyos ang sakit na 'yan sa dugo, maiaayos ang lagay nito, (masasampalatayanan mo ba 'yan?) aalisin ang bagay na 'yan na diabetes at paiigihin ang lagay mo. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? Sambitin mo lang sa Kanya na sumasampalataya ka rito, at humayo ka na.

210 Halika rito, ginoo. May sakit ka sa tiyan. Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin 'yan ng Diyos, paiigihin 'yan? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo, sumasampalataya ako."—Pat.] Sige, sampalatayanan mo ito; iigi ang lagay mo, gagaling ka.

211 Halika, dalhin mo rito itong munting batang lalaking ito. Tumingin ka rito, iho. Malayo ang pinanggalingan n'yo. Minsan 'yung pagbabago sa taas ng lugar, pagbabago sa klima, minsan napapawala nito 'yun, napapagaling ang sakit na hika. Pero may isang tiyak na kagalingan, si Jesus Cristo na Anak ng Diyos. Ibinigay Niya ang Kanyang Anak, nang sa gayon ang anak mo'y gumaling sa sakit. Sinasampalatayanan mo ba 'yan?

Sampalatayanan mo 'yan nang buong puso mo, at lilisan ito sa kanya. Magiging normal, iigi ang kalagayan niya. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

212 Sumasampalataya ka ba? Nagpapamalas pa rin ba ang Diyos ng mga paradox? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ito'y di maipaliwanag, di maarok ng isipan, na mga bagay na di maunawaan ng tao kung paano nga ito nangyayari, pero totoong-totoo pa rin, hindi po ba? ["Amen."] Ngayon ilan po rito ang nararamdaman nila, at alam nila sa espiritu nila, na mayroon dapat talagang kung anong Bagay rito na lagpas sa kayang abutin ng pantaong kaisipan?

213 Ngayon, sa palagay ko nakatawag na tayo ng halos labing-limang tao sa pilang ito, bawat isa sa kanila; at apat o lima, anim, na wala sa pila, na walang prayer card, o anuman kahit wala sila sa pila rito, nariyan lang sila sa mga nakaupo. Heto't isang minuto na lamang po tayo ngayon, at magtatapos na.

214 Kanya bang ginawa ito nang saktong-sakto sa pagkakasabi Niyang gagawin Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon ilan po ang nananampalataya na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, na nararamdaman n'yo ang Kanyang Presensya? ["Amen."] Ngayon nakita n'yo na ang Kanyang Presensya. Ngayon nakita na mismo ng inyong mga mata, naunawaan na mismo ng inyong mga tainga, at pinatunayan na ng Diyos, sa harap mismo ng inyong mga mata, ang Presensya Niya. At 'yang pakiramdan na 'yan na inyong nararamdaman sa tuwina, na sumasaway sa inyo sa tuwing nagkakamali kayo, at sinasabi sa inyo na huwag n'yong gawin ang maling bagay na 'yun, mangyaring ang siya ring Diyos na ito ay nalantad sa inyo sa hapon na ito, sa Kanyang mga gawa. Ilan ang makapagsasabi ng "amen" sa bagay na ito? ["Amen."] Tunay, totoo nga. Ngayon Siya nga'y narito.

215 Mayroon po ba rito sa kalagitnaan natin, na di pa nagiging Cristiano kahit kailan; hindi pa nakapagsisisi sa pagkakasala, hindi pa nakakadalo sa simbahan? Maaari ba kayong tumayo, at sabihin, "Ninanais kong tumayo, hindi para sa iyo, ministro; pero ninanais kong tumayo habang narito ako sa Presensya ng Personang ito, na si Jesus Cristo, na Siyang Espiritu Santo sa ibabaw natin ngayon. Nais kong tumayo at sabihin, 'Inaasam ko pong Iyo akong iligtas sa aking mga pagkakasala'"? Yun lang ang gusto kong gawin n'yo, tumayo lamang kayo, at isa na 'yung pagpapatotoo. Ito na lang ang maaari nating gawin sa oras na ito. Ang sabihin, "Ninanais kong maging Cristiano." Tumayo kayo, at pagkatapos nun puwede na kayong maupo.

216 Mayroon pa bang isa sa gusali rito? Ilan po sa gusali rito? Di ko dapat sabihing, "Mayroon pa bang isa?" dahil marahil higit pa sa isa ang narito. Ilan pa sa gusali rito ang tatayo sa mga oras na ito ngayon, at sasabihin, "Nagkamali ako, Diyos.

Iyo akong patawarin. Itinataas ko ang aking mga kamay upang bigyan Ka ng pagpapatotoo na ako'y nagkamali. Sa pag-upo ko ay mananatili ako rito sa Iyong Presensya. Ako'y mananatili"? Sige po't tumayo na kayo.

217 May isa pa po ba, may higit ba sa isa? May isang kamay. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. May iba pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos. May iba pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Mayroon pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likuran. May iba pa po ba, "Ako'y nagkamali. Diyos, Iyo akong patawarin"? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. "Nagkamali ako. Iyo po akong—akong patawarin, Panginoon." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos.

218 Mayroon bang nagdududa rito noon sa ministeryong ito, at kayo'y kumbinsido na ngayon na ito'y totoo talaga? Itaas n'yo ang kamay n'yo, at sabihin, "Diyos, Iyo po akong patawarin." Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Ako'y—ako'y naging mapagduda, Kapatid na Branham; pero wala na ito ngayon." Itaas n'yo ang kamay n'yo. Wala ni isa? Salamat.

219 Ilan po ang sumasampalataya Rito? Di nga ito puwedeng sa ganang akin; kundi si Cristo ito, ang Anak ng Diyos. Salamat. Kung gayon ay makakakita kayo ng higit na mga bagay kaysa sa bagay na ito na nagawa, basta't sasampalataya lamang kayo. Manatili lamang kayo kay Cristo. Maging ako'y gagawin ko ang lubos kong makakaya upang manatili sa Kanya, maging ako.

220 Ngayon ilan dito ang maysakit at nangangailangan, itaas n'yo ang inyong kamay, "Ako'y—ako'y may sakit, Kapatid na Branham, ako'y nangangailangan"? Kita n'yo, tingnan n'yo nga ang mga tao. Ngayon maaari n'yo bang gawin ito at manalig lamang nang lubos sa sasabihin ko? Ipatong po natin ang ating mga kamay sa isa't isa, habang iniuunat ko ang aking mga kamay sa inyo.

Manalangin tayo.

221 Minamahal na Diyos, idinudulog ko sa Iyo ang munting grupo ng mga tagapakinig dito, ngayong hapon, kung saan amin nang napakinggan at nabasa ang Salita ng Diyos. Batid namin na ang bawat katiting nito'y Katotohanan, dahil ito ang Iyong Salita. Di lang po kami naniniwala na ito ay totoo; batid namin na ito'y totoo talaga. Kitang-kita Ka namin, Panginoon, na gumagawa ng bagay na magdudulot sa mga tao na mabatid na mayroon pa ring. . . Maliban sa paradox ng—ng daigdig, at kalawakan, at ng mga batas ng Diyos sa kalikasan, nakikita namin dito ang batas ng kamatayan na kumikilos sa katawan ng tao, kung saan bigo ang siyensiya na—na pagalingin gamit ang pananaliksik nila. At, Panginoon, kami'y lubos namang nagpapasalamat sa mga taong ito. Di po namin sila ibinababa. Kami'y nagpapasalamat sa kanila. Pero, Panginoon, pagdating

sa sukdulan na wala na silang magagawa pa, haya't nakikita namin sa puntong 'yan ang dakila Mong kamay na dumarating; nababatid na walang sinong tao ang makapagpapagaling sa kanila, dahil sila'y nagpatingin na sa doktor, o nilapatan na ng kung anong remedyo. Pero ang makita ang Anak ng Diyos na bumababa, at ginaganap ang pangakong binitiwan, na aming sinasampalatayanang lahat.

222 At bawat isa na nagtataas ng kamay nila, na di pa ligtas, at—at nagnanais na maligtas. Diyos, may bagay na nagbabala sa kanilang puso. May ilan sa kanila ang nagpahayag na sila'y "nagkamali," marahil tumalikod noon sa pananampalataya at nagnanais na bumalik. Dalangin ko na Iyo silang tatanggapin muli bawat isa. Dahil alam nila, Panginoon, at batid . . . Marami sa kanila ang marahil may kilala na sa akin, o tungkol sa akin, sa mga taon na ito na nagdaan, at batid nilang walang bagay na mabuti sa tao, at lalong-lalo na po sa akin. Papaano ngang magkakaroon ng mabuting bagay? Pero hayan nga't nakita nila ang Salitang 'yun, na ipinangako ng Diyos, na nagkatotoo. Sila po'y naniwala na Ito'y Katotohanan. Kanila Itong tinanggap.

223 Marami pa po rito ang di ko nadala sa entablado. At, Ama, pinatototohanan Mo ako, ni minsan ay di ko sinabi na ito'y isang bagay na ako mismo ang gumagawa, wala po akong magagawa kundi ipasakop ko ang sarili ko sa Iyo, at hahayaan Ka na ako'y alisin sa daraanan at ilalagay ang Iyong Espiritu roon upang ito ang kumilos. Ngayon, Ama, yamang nakikita namin na naipangyari ito sa isang tao, naipangyari sa iba pang tao, dalangin ko na ang bawat isa na nagpapatong ng kanilang mga kamay sa isa't isa, na mga maysakit at may karamdaman, sila po'y gumaling na ngayon sa mga oras na ito.

224 Iyo pong itulot na ang Espiritu Santo ay magdaan sa buong gusali ngayon at pagalingin ang bawat isa. Iyo pong iligtas ang bawat isa, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ang karanasan na 'yun. Iyo pong ibuhos ang Espiritu Santo, Panginoon, sa mga naritong nagkakatipon. Oh, kami'y umaasa na gagawa Ka ng dakilang mga bagay sa sanlinggong ito na parating. Iyo pong itulot ito, Panginoon, sa oras na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

225 Ngayon tayo na pong tumayo. Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Ngayon maaari bang ang ating kapatid na babae rito, sa may piyano, bigyan kami ng—ng—ng kaunting tipa nito, "I Will Praise Him. I Will Praise Him." Narinig mo na siguro 'yun? Ngayon awitin natin ito, nang sama-sama. Ngayon umaasa kami na makita namin uli kayo bukas ng gabi. Ngayon pormal na nating tatapusin ang gawain, sa kaunting sandali na lamang, pero gusto ko munang awitin natin ang awit na ito kasama n'yo. Sige, awitin na natin.

I will praise Him, (itaas natin ang ating mga
kamay) I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him Glory, all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

226 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa pagtatapos na panalangin. Sige, si Kapatid na Jewel Rose ang magtatapos ng gawain natin. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Rose, habang iniyuyuko natin ang ating. . .

*Isang Paradox* TAG65-0117
(A Paradox)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Enero 17, 1965 para sa Full Gospel Business Men's Fellowship sa Westward Ho Hotel sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org